# Rosas: Kulay at Kilusan[1]

**Mark Joseph Pascua Santos**
Centro Escolar University
mjpascuasantos@gmail.com

## ABSTRAK

Masalimuot ang kasaysayan ng rosas bilang kulay. Samu't sari ang mga pagpapakahulugan na ikinabit dito ng iba't ibang grupo tulad ng mga feminista, mga may kanser sa suso, komunidad ng LGBTQ+, at sosyalista, bago ito tuluyang nakapasok sa Pilipinas. Sa konteksto ng pampanguluhang halalang 2022, ang rosas ay nagbagong-anyo bilang kilusan na umiinog sa kandidatura ni Leni Robredo, na maaaring bansagan bilang "Kilusang Kulay Rosas." Liban sa panimulang pagsasakasaysayan sa pulitika ng kulay rosas sa kontekstong pandaigdig at pambansa, layunin ng sanaysay na ito na ilarawan ang Kilusang Kulay Rosas sa pamamagitan ng paglalapat ng dalumat ng "maganda," na unang komprehensibong kinonseptuwalisa ng teologong si Jose de Mesa. Ang kagandahang panlabas nito sa anyo ng mga sining (tula, komiks, awit, sayaw, pinta, dula, laruan, laro) at bolunterismo ay estetikal na manipestasyon ng etika ng Kilusang Kulay Rosas -- kagandahang panloob ng kilusang naniniwalang mas radikal ang magmahal.

**Mga Susing Salita:** *rosas, Kilusang Kulay Rosas, Leni Robredo, maganda*

## Pulitika ng Kulay sa Lipunang Pilipino

May kulay ang pulitika, may pulitika ang kulay.

Sa iba't ibang bansa sa daigdig, madalas na ginagamit ang kulay bilang representasyon ng paninindigan at ideolohiyang pulitikal. Halimbawa, ang pula ay kadalasang iniuugnay sa komunismo, dilaw ay para sa liberalismo, bughaw para sa mga konserbatibo, itim para sa pasismo at anarkismo, at ang luntian naman ay kumakatawan sa mga partidong nakatutok sa kalikasan at mga partidong Islamiko (Malasig 2018).

---

1 Ilan sa mga datos na narito ay unang ibinahagi ng may-akda sa "Kulay Rosas sa Marikina," isang *webinar* na magkatuwang na inorganisa ng Kapisanan ng mga Mananaliksik sa Kasaysayan ng Marikina (KAMAKASAMA), at Historyador para kay Leni noong Mayo 2, 2022.

Maraming kilusang panlipunan/pampulitika sa daigdig na gumamit ng kulay bilang simbolismo ng kanilang paglaban. Ayon kay Jack Goldstone (2014), sa nagdaang mga dekada mula 1980s, maraming mga mapayapang rebolusyon na umusbong sa iba't ibang bansa na gumamit ng kulay bilang identipikasyon ng kanilang kilusan. Binansagan niya ang mga ito na "color revolutions." Marami sa mga halimbawa ng ganitong "color revolutions" ay matatagpuan sa mga dating teritoryo ng Union of Soviet Socialist Republics (USSR) at Silangang Europa (Beachain at Abel Polese 2010, 1). Nariyan halimbawa ang Velvet Revolution sa Czechoslovakia noong 1989, Rose Revolution sa Georgia noong 2003, Orange Revolution sa Ukraine noong 2004, Tulip Revolution sa Kyrgyzstan noong 2005, at Denim Revolution o Jeans Revolution sa Belarus noong 2006 (Goldstone 2014; Mitchell 2012; Stykow 2022). Sa Gitnang Silangan o mas angkop na tawaging "Kanlurang Asya" ay lumitaw rin ang ganitong penomenon, sa anyo ng Purple Revolution sa Iraq noong 2005 (Lane 2009, 113-114), at ng Blue Revolution sa Kuwait noong 2005 kung saan isinulong ng kababaihan ang kanilang karapatan na makaboto (Paxton at Hughes 2014, 314). Sa labas ng tatlong rehiyong ito ay mayroon pang ibang maikakategorya sa loob ng "color revolutions," gaya na lamang halimbawa ng Jasmine Revolution sa Tunisia noong 2011, at siyempre pa, ang matataguriang "Yellow Revolution" ng Pilipinas noong 1986 (Gonzalez 2003, 149), o mas kilala sa bansag na EDSA People Power I (na nagsilbing modelo ng mapayapang rebolusyon sa iba't ibang panig ng daigdig). Liban sa mga mapayapang rebolusyon, mayroon ding ilang kilos-protesta na naiugnay sa ilang partikular na kulay. Isa na rito ang Yellow Vest Movement sa Pransya noong 2018, kung saan ginamit ang *yellow vest* bilang simbolismo ng uring manggagawang Pranses (Kipfer 2019). Mababanggit din ang Green Movement, na lumitaw sa konteksto ng halalang pampanguluhan sa Iran noong 2009, na naglalayong magpatalsik sa pangulong si Mahmoud Ahmadinejad (Reisinezhad 2015).

Samu't sari ang maaaring dahilan kung bakit ginagamit ang kulay bilang representasyon ng mga ideolohiyang pulitikal at mga kilusang panlipunan/pampulitika. Una, may kapangyarihan ang kulay na gawing konkreto ang mga abstraktong ideyang pulitikal. Kaugnay nito, ikalawa, naibubuod ng kulay ang kalipunan ng mga prinsipyo, halagahin, ideolohiya, at plataporma ng isang kandidato o partido. Ikatlo, nakakatulong ang kulay upang mapatatag ang kolektibong identidad ng isang grupo o partido. Sa pamamagitan ng kulay, madaling natutukoy kung sino ang kakampi at sino ang kalaban (Colcol 2022). Ikaapat, maaaring magamit ang kulay upang mapagkaisa at mamobilisa ang mga tagasuporta, nang sa gayon ay makahatak sila ng mas marami pang botante (Palatino 2022). Mabilis ding makikita ang popularidad ng isang kandidato batay sa bilang ng mga taong gumagamit ng kanyang kulay.

Ang ganitong mga praktikal na kapakinabangan ng kulay ang dahilan kung bakit malaganap din sa Pilipinas ang pulitisasyon ng kulay, lalo na sa hanay ng mga partido. Mula pa man noong panahon ng mga Amerikano, talamak na ang ganitong kalakaran. Mula nang maitatag ang Nacionalista Party noong 1902, ang kulay nitong pula ang nag-iisang kulay

na nangingibabaw sa buong Pilipinas. Nagsimula lamang itong magkaroon ng karibal nang isilang ang Liberal Party matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Bughaw ang kulay ng Liberal Party sa loob ng mahabang panahon. Palipat-lipat lamang ang kapangyarihan sa pula at bughaw mula 1946 hanggang 1965 (bughaw mula 1946 hanggang 1953, pula mula 1953 hanggang 1961, at bughaw na naman mula 1961 hanggang 1965) (Dancel 2014).

Nagbago ang ganitong sitwasyon nang lumipat si Ferdinand Marcos Sr. mula sa Liberal Party patungo sa Nacionalista Party, nang mabigo siyang makuha ang pag-eendorso ng Liberal Party para sa pampanguluhang halalan. Mula noong 1965, ang kulay pulang Nacionalista Party ang nangibabaw sa pulitikang Pilipino sa pamamagitan ng pamumuno ni Marcos, hanggang sa tuluyang ipataw ng pangulo ang Batas Militar noong 1972. Sa buong panahon ng diktadura, uminog ang kapangyarihang pulitikal sa bisig ng Kilusang Bagong Lipunan, ang opisyal na partido ni Marcos na naitatag noong 1978. Tulad ng Nacionalista Party, pula rin ang kulay na kumatawan sa Kilusang Bagong Lipunan (Colcol 2022).

Nagsimulang mahamon ang pangingibabaw ng pula sa pulitikang Pilipino nang maganap ang pamamaslang kay Benigno “Ninoy” Aquino Jr. noong 1983. Bago lisanin ang Boston tungong Maynila, nakiusap si Ninoy sa kanyang pamilya sa Pilipinas na talian ng dilaw na laso ang mga puno sa daan patungo sa kanilang tahanan. Ang inspirasyon ng aktong ito ay nagmula sa paboritong kanta ni Ninoy na *Tie A Yellow Ribbon Round The Old Oak Tree* (Dancel 2014). Nang mamatay si Ninoy, pinalaganap ng kanyang mga tagasuporta ang dilaw hanggang sa ito na ang naging kulay ng kolektibong oposisyon laban sa mga karahasan ng diktadurang Marcos (Enano 2021). Bitbit ang kulay na dilaw, hinarap ng asawa ni Ninoy na si Corazon “Cory” Aquno si Marcos sa isang pampanguluhang halalan. Samantala, luntian naman ang kulay na kumatawan sa bise-presidente ni Cory na si Salvador Laurel (Del Rosario 2021). Noong 1986, tuluyang napabagsak ang diktadura ng tinatagurian ng ilang komentarista na “Yellow Revolution” (Litonjua 2005).

Nang maluklok si Cory sa pagkapangulo, dilaw rin ang kulay na kumatawan sa kanyang administrasyon. Maging ang humalili sa kanyang si Fidel Ramos ay gumamit din ng dilaw bilang kulay pulitikal. Nang bumaba sa puwesto si Ramos noong 1998, pinalitan siya ni Joseph “Erap” Estrada. Kulay kahel (*orange*) naman ang kulay na binitbit ni Erap bilang pangulo. Ngunit hindi nagtagal ang pamamayagpag ng kulay kahel, dahil pinabagsak si Erap ng EDSA Dos na pinangunahan ng tinatawag ng ilan na “yellow army.” Dahil dito ay bumalik ang kapangyarihan sa dilaw, kulay na niyakap ni Gloria Macapagal-Arroyo bilang *standard-bearer* ng Liberal Party. Nang muling tumakbo si Arroyo bilang pangulo noong 2004, marami sa kanyang mga tagasuporta ang nagsikalasan, kaya lumipat siya sa pagiging pula sa ilalim ng Nacionalista Party (Enano 2021). Nang manalo si Benigno Simeon “Noynoy” Aquino III noong 2010, bumalik muli sa pagiging dilaw ang Malakanyang.

Nang manalo si Rodrigo Roa Duterte noong 2016 bilang bagong pangulo ng bansa, napalitan ng pula ang dilaw bilang kulay ng kapangyarihan sa pulitikang Pilipino. Ngunit

hindi nakuntento ang administrasyong Duterte sa pagtanggal sa Malakanyang ng kulay dilaw, higit pa rito ang kanyang ginawa. Pinasikat niya ang negatibong konotasyon sa kulay dilaw sa pamamagitan ng paggamit dito bilang isang terminong pangkutya: "dilawan." Ang terminong "dilawan" ay pantukoy ni Duterte at ng kanyang mga tagasuporta sa pamilyang Aquino, mga pulitikal na grupong nakapaligid rito (partikular na ang Liberal Party), at kanilang mga tagasuporta. Ginagamit din ito ni Duterte bilang maluwag na pantukoy sa lahat ng kanyang mga kritiko o nasa oposisyon (Palatino 2022). Bukod sa dilawan, ginagamit din minsan na pantukoy sa kanila ang terminong "yellowtard" (pinagsamang *yellow* at *retarded*) (Butuyan 2016). Naging matagumpay rin si Duterte na ipinta ang imahe ng mga dilawan o yellowtard bilang mga elit, mga naghaharing oligarko (Bassig et al. 2020). Sa pamamagitan nito, mas naging epektibo ang kanyang retorika ng "change is coming", dahil nalikha sa kamalayan ng mga Pilipino ang persepsyon na ang mga dilawang elit ang nagpahirap sa kanila sa loob ng tatlong dekada. Mas napatatag din sa pamamagitan nito ang populistang imahe ni Duterte bilang tagapagtanggol ng masa laban sa mga elit.

Naging kapaki-pakinabang ang konsepto ng dilawan sa ninanasa ng administrasyon na polarisasyon ng pulitikang Pilipino sa dalawang kampo: ang dikotomiyang Dilawan-DDS. Madalas na ginagamit ang taguring DDS (pinaiksing *diehard Duterte supporters*) sa mga tagasuporta ng administrasyong Duterte. Sa pamamagitan ng dikotomiyang ito, naging matagumpay ang administrasyon sa pagpapaniwala sa marami na lahat ng hindi tagasuporta ng rehime ay dilawan. Sa katunayan, kahit na yaong mga aktibistang nasa hanay ng Kaliwa ay tinatagurian minsan ng mga tagasuporta ni Duterte bilang dilawan (sa kabila ng katotohanang marami sa mga ito ay kritikal din sa nakaraang administrasyong Aquino).

Sa kontekstong ito ng tunggaliang dilaw (dilawan) at pula (DDS) umusbong ang matataguriang "Kilusang Kulay Rosas" (*pink movement*), na nabuo bilang suporta sa kandidatura ni Bise-Presidente Maria Leonor "Leni" Gerona Robredo sa pampanguluhang halalang 2022. Ngunit bago talakayin ang pag-usbong ng Kilusang Kulay Rosas, mainam na magkaroon muna ng kaunting tala ukol sa maikling kasaysayan ng pulitika ng kulay rosas sa kontekstong pandaigdig.

**Ang Pulitika ng Kulay Rosas sa Kontekstong Pandaigdig**

Ang "kulay rosas" ay salin sa Filipino ng Ingles na "pink." Nagmula ito sa Espanyol na "rosa" na tumutukoy sa bulaklak na rosas. Maraming wika sa daigdig ang mayroong salita para sa *pink* na nagmula sa kanilang mga termino para sa bulaklak na rosas – *rose* sa Pranses, *roze* sa Olandes, *rozoviy* sa Ruso, at *rosa* sa Latin, Aleman, Espanyol at Italyano (Blegvard 2019). Samantala, ang salitang *pink* naman ay unang umiral sa wikang Ingles na may kahulugang "butasin" o "tusukin." Ito ang dahilan kung bakit "pinking shear" ang tawag sa isang uri ng gunting na pa-*zigzag* ang gupit. Pagsapit ng ika-15 dantaon, ang *pink* ay naging pantukoy sa mga halaman na nasa ilalim ng kategoryang *Dianthus,* dahil sa

mga talutot (*petal*) nila na balibaliko ang gilid (tulad ng hitsura ng *pinking shear*). Sa mga panahong iyon, ang salitang Ingles na ginagamit na pantukoy sa kasalukuyang kulay na *pink* ay *incarnation* (ibig sabihin, kulay ng *flesh* o laman ng tao). Noong ika-16 dantaon, nagsimulang gamitin ang terminong “pink-colored” bilang pantukoy sa kulay, yamang isa sa mga lantad na kulay ng mga talutot ng halamang *Dianthus* ay *pink.* Sa kalagitnaan ng ika-17 dantaon, tuluyan nang ginamit ang salitang *pink* bilang pangalan ng isang kulay. Samantala, ang *incarnation* naman ay naging pangalan na ng mga halamang *Dianthus,* sa anyo ng salitang “carnation.” Samakatuwid, ang *pink* na dating pangalan ng halaman ay naging kulay, at ang *incarnation/carnation* naman na dating pangalan ng kulay ay naging pantukoy na sa halaman (Blegvard 2019).

Sa iba’t ibang bahagi ng daigdig ay samu’t sari rin ang pakahulugan na ikinakabit sa *pink* o kulay rosas. Sa bansang Hapon, ang kulay rosas ay iniuugnay sa mga *samurai* at mga namatay na mandirigma (kaya naman may konotasyong panglalake ito). Sa India, ito ay kulay ng buhay at kasiyahan na ginagamit kapwa ng lalake at babae. Sa Korea naman, kumakatawan ito sa ideya ng katapatan (Blegvard 2019). Samakatuwid, walang pagsasari (*gendering*) sa kulay rosas sa maraming mga bansang hindi Kanluranin. Sa Kanluran lang talaga nagsimula ang eksklusibong pag-uugnay ng kulay rosas sa kababaihan. Gayunman, kailan lamang din nagsimula ang ganitong pagsasari sa kulay rosas sa kasaysayan ng Kanluran. Hanggang sa pagtatapos ng ika-19 na dantaon ay tinuturing na kulay ng kabataan ang kulay rosas. Sa katunayan, bahagyang iniuugnay pa nga sa lalake kaysa babae ang kulay rosas noon, dahil malapit ito sa pula na kadalasang kumakatawan sa pagiging mainit, aktibo, at agresibo (Bhattacharjee 2018). Sa pagtatapos lang talaga ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig nagsimulang eksklusibong maiugnay ang kulay rosas sa babae. Nagsimula ito noong magprodyus ang mga korporasyon ng mga kagamitang pambahay na kulay rosas, na partikular na inilalako para sa kababaihan. Bahagi ito ng kolektibong pagtatangka na maibalik ang kababaihan sa pagkakakahon sa domestikong espasyo (Mayer 2022). Samakatuwid, mapang-api ang kauna-unahang konotasyon ng kulay rosas bilang kulay na idinidikit sa kababaihan.

Lumaganap sa iba’t ibang bahagi ng daigdig ang Kanluraning pag-uugnay ng kulay rosas at kababaihan dahil sa globalisasyon. Unti-unting natanggap ng maraming lipunan sa daigdig na ang kulay rosas ay para sa babae, samantalang ang kulay bughaw ay para sa lalake. Dulot ito ng komersyalisasyon ng mga kagamitang pangsanggol. Nagprodyus ang mga korporasyon ng mga kagamitang pangsanggol tulad ng mga damit at laruan na dalawa ang pagpipiliang kulay: kulay rosas para sa mga babaeng sanggol at bughaw para sa mga lalakeng sanggol. Napalala pa lalo ito nang umuso ang tradisyon ng *gender reveal parties,* kung saan kulay rosas ang ginagamit na tema ng pagtitipon kapag babae ang ipinagbubuntis, at bughaw naman kapag lalake (Michael 2018). Binabatikos ng ilang feminista ang ganitong pagsasari ng kulay. Anila, ang pagtatakda ng kasarian ng kulay ay makatutulong lamang para sa higit na demarkasyon ng mga gampaning pangkasarian. Kung ang kulay rosas ay para lamang sa mga babae at hindi pwede sa mga lalake, at kung ang bughaw ay para lamang sa mga lalake at hindi pwede sa mga babae, lalong mabibigyang

katwiran ang lohika na may mga partikular na gampanin na likas na pambabae o panlalake lamang (tulad halimbawa ng pagluluto, paglalaba, at pag-aalaga ng anak na laging iniuugnay sa babae sa isang banda, at pagkakarpintero, pagkukumpuni ng sirang gamit, at pagmamaneho ng sasakyan na kadalasan namang iniuugnay sa lalake sa kabilang banda).

Ang ganitong negatibong implikasyon ng pagsasari ng kulay ay nagdulot sa ilang feminista upang kamuhian ang kulay rosas. Para sa ilan, yamang itinakdang kulay ito ng lipunang patriarkal, kumakatawan ang kulay rosas sa kahinaan (Elan 2014). Dagdag pa ng iba, nagdudulot ito ng pagkaisip-bata sa mga babae (Lawley 2018). May ilang mga feminista na mas pinipiling magsuot ng mga kulay na tradisyunal na iniuugnay sa lalake tulad ng itim (Haller w.t.), upang ipakita na maaari ring gampanan ng kababaihan ang mga bagay na nakagisnang ikabit sa kalalakihan.

Sa kabila ng ganitong mga pambabatikos sa kulay rosas, mayroon ding ibang feminista na nagpabagong-anyo sa pagpapakahulugan ng kulay rosas at ginamit ito para sa pagsasakapangyarihan sa mga babae. Ayon kay Holly Lawley (2018), lalong sumidhi ang pagbawi sa kulay rosas bilang kulay ng kababaihan sa panahon ng ikaapat na daluyong ng feminismo (*fourth-wave feminism*), na ipinagpapalagay ng marami na nagsimula noong 2012. Sa katunayan, maging ang klasikong feministang akda ni Simone de Beauvoir (2015) na *Second Sex* ay inilimbag sa isang bersyon na may pabalat na kulay rosas, upang umayon sa kontemporaryong pagbawi sa naturang kulay. Sa Estados Unidos, isa sa mga kontemporaryong feminista na muling nagpasikat ng kulay rosas ay si Hilary Clinton (Alma 2021), na nakalaban ni Donald Trump sa pampanguluhang halalang 2016. Ang administrasyon ni Trump ay kinondena ng maraming Amerikano bilang sexistang rehime. Tumindi ang mobilisasyon ng mga feminista laban kay Trump noong mailantad ng Washington Post sa publiko noong Oktubre 2016 ang isang dating pahayag niya na naglalaman ng mga sumusunod na kataga: "I don't even wait. And when you're a star, they let you do it, you can do anything… grab them by the pussy." Puna ni Jill Filipovic (2017), ang mga katagang ito at marami pang ibang sexistang pahayag ni Trump ay nagpapakita na hindi niya itinuturing ang mga babae bilang mga tao, bagkus ay bilang "walking sex-holes" lamang.

Bilang tugon dito, noong Enero 21, 2017, isang araw matapos mailuklok si Trump bilang pangulo ng Estados Unidos, inilunsad ng mga kababaihan ang Women's March sa Washington. Ang mga nagmartsa ay nagsuot ng tinatawag na "pussyhat." Ito ay isang sumbrerong kulay rosas, na tinawag na *pussyhat* dahil sa dalawang bagay. Una, ang dalawang dulo nito sa bandang itaas ay tila tenga ng pusa. Ikalawa, ito ay pagsasakapangyarihan sa ari ng babae, bilang paghamon sa sexistang "grab them by the pussy" na pahayag ni Trump. Tinatayang 500,000 katao ang dumalo sa 2017 Women's March (Garfield at Robinson 2017). Kung isasama pa rito ang mga martsa na naganap para sa Women's March sa iba pang lugar tulad ng Los Angeles, New York, Chicago, Seattle, at iba pa, aabot ng 3.3 hanggang 4.6 milyong katao ang naitalang dumalo, na nangangahulugang ito ang pinakamalaking kilos-protesta sa kasaysayan ng Estados Unidos

(Broomfield 2017). Sa gitna ng dambuhalang kilos protestang ito ay ang tampok na kulay rosas na *pussyhat*, na naging daan para sa higit na pagbawi ng kababaihan sa kulay rosas bilang kulay ng pagsasakapangyarihan. Noon namang 2020, umuso ang pagsusuot ng kababaihan (kasama na ang maraming sikat na personalidad sa Estados Unidos) ng kulay rosas na *pantsuit,* na akto ng pakikiisa sa ipinaglalaban ng mga kababaihang dumalo sa naunang 2017 Women's March (Elan 2020). Sa pamamagitan ng lahat ng ito ay tumindi ang pagbawi sa kulay rosas bilang kulay ng ilang mga grupong feminista.

Mayroon pang isang partikular na sektor ng mga kababaihan na kadalasang gumagamit ng kulay rosas: ang sektor ng mga kababaihang may kanser sa suso. Sa kasalukuyan, pandaigdigan nang kinikilala ang kulay rosas na laso (*pink ribbon*) bilang simbulo ng kanser sa suso. Nagsimulang sumikat sa Estados Unidos ang simbulo ng laso noong 1979 dahil kay Penney Laingen. Siya ay misis ng isang lalakeng kinidnap papuntang Iran. Dahil sa inspirasyon mula sa isang kanta, nagtali siya ng mga dilaw na laso sa mga puno na nasa kanyang bakuran, bilang sagisag ng matindi niyang pagnanasa na makauwi na ang kanyang mister. Maraming mamamayan sa bansa ang nakiisa kay Laingen sa pamamagitan ng pagtatali rin ng dilaw na laso. Noong 1991 naman, muling binuhay ng ilang mga aktibista ang laso bilang sagisag ng mga biktima ng AIDS. Pinalitan lamang nila ang kulay nito mula dilaw tungong pula, yamang ito ang kulay ng marubdob na damdamin (Fernandez w.t.). Ang dalawang pangyayaring ito ay naging daan tungo sa popularisasyon ng laso bilang sagisag sa Estados Unidos. Ito ang naging tungtungan ng Susan G. Komen Breast Cancer Foundation nang ilunsad nila ang Komen New York City Race for the Cure noong taon din ng 1991, kung saan namigay sila ng kulay rosas na laso sa mga kalahok na nakaligtas mula sa kanser sa suso (Ganley 2021). Simula pa man nang maitatag ang organisasyon ng Komen noong 1982 ay gumagamit na sila ng kulay rosas bilang kulay ng kanilang mga aktibidad. Ang ginawa lang nila ay isanib ang kulay na ito sa sumisikat noong simbolismo ng laso. Paglipas ng isang taon (1992), sa pangunguna ng punong patnugot na si Alexandra Penney, itinampok niya sa *Self Magazine* ang kulay rosas na lasong pinasimulan ng Komen. Sa pamamagitan nito, naipalaganap sa Estados Unidos, at kalaunan, sa buong dagidig, ang kulay rosas na laso bilang sagisag ng kanser sa suso.

Mula sa kababaihan, kalaunan ay naiugnay rin ang kulay rosas sa LGBTQ+, partikular sa mga bakla. Nagsimula ito sa Alemanya noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Lumikha ang Partidong Nazi ng sistema ng segregasyon, kung saan ikinakabit nila ang iba't ibang kulay at hugis ng mga sagisag (*badge*) sa mga bihag na itinuturing nilang 'di kanais-nais o abnormal sa lipunan: dilaw na bituwin para sa mga Hudio, pulang tatsulok para sa mga pulitikal na bihag, at kulay rosas na tatsulok para sa mga bakla (Blegvad 2019). Liban sa mga bakla, ginamit din ng Nazi ang kulay rosas na tatsulok bilang sagisag ng mga nanggahasa. Mahihinuha sa ganitong sistema na itinuturing nilang magkatumbas ang pagiging bakla at pagiging kriminal (Grussing 2019). Mula 1933 hanggang 1944, tinatayang nasa 50,000 hanggang 63,000 na mga lalake ang hinatulan ng pagiging bakla, at nasa 5,000 hanggang 15,000 sa mga ito ang pinatay sa mga kampo ng konsentrasyon (Blegvad 2019).

Ngunit mula noong 1970's, sinimulang angkinin ng LGBTQ+ ang kulay rosas na tatsulok bilang sarili nilang simbulo. Halimbawa, noong 1987 ay ginamit na simbulo ang kulay rosas na tatsulok para sa pagdaraos ng National March sa Washington para sa karapatang pambakla at panglesbian, bilang tugon sa epidemya ng AIDS. Sa katunayan, sa kasalukuyan ay pumapangalawa ang kulay rosas na tatsulok sa bahagharing bandila bilang pinakamalaganap na simbulo ng LGBTQ+ (Blegvad 2019). Kung ang bahagharing bandila ay kumakatawan sa kasiyahan at katapangan, ang kulay rosas na tatsulok naman ay sumisimbulo sa mga paghihirap na tiniis ng LGBTQ+ bago nila nakamit sa kasalukuyan ang inaasam na kalayaan. Upang tuluyang maidaan ang simbulo sa radikal na transpormasyon, mula sa pagiging sagisag ng pangdudusta tungo sa pagiging sagisag ng katatagan, binaliktad nila ang kulay rosas na tatsulok: kung dati ay nakatutok ang tulis ng tatsulok sa ibaba, ngayon ay itinutok nila ang tulis paitaas. Dahil sa kulay rosas na tatsulok, tuluyan nang niyakap ng LGBTQ+ ang kulay na ito. Ito ang rason kung bakit nabuo ang terminong "pinkwashing." Tumutukoy ito sa pakunwaring pagsusulong ng karapatan ng LGBTQ+, na ang tunay na layunin ay pagtakpan ang mga 'di makatwirang polisiya (halimbawa, pagprodyus ng mga korporasyon ng mga kagamitang inklusibo sa LGBTQ+, ngunit nakasisira naman sa kalikasan o nakapang-aapi sa mga manggagawa) (Grussing 2019).

Isa pang sektor na kadalasang kinauugnayan ng kulay rosas ay ang mga sosyalista. Maiuugat ito sa pag-imbento ng Time Magazine ng terminong "pinko" noong 1925 bilang pantukoy sa sinumang pinaghihinalaang komunista, sosyalista, o may *ultra-liberal* na pagkatig (Elan 2020). Noong pagtatapos ng 1900's at pagsisimula ng 2000's, umusbong sa Latin Amerika ang mga pamahalaang sosyalista. Pagsapit ng 2010, matagumpay nang nakontrol ng mga maka-kaliwang pamahalaan ang mga bansa sa rehiyong ito tulad ng Argentina, Bolivia, Brazil, Chile, Ecuador, Honduras, Nicaragua, Paraguay, Uruguay, Venezuela, at Peru (Gold at Zagato 2020). Ang pangkasaysayang pangyayaring ito ay kolektibong tinagurian ng mga iskolar bilang "Pink Tide." Inilarawan nila ang mga sosyalistang pamahalaang ito sa pamamagitan ng kulay rosas, upang ang kanilang kaliwang gitnang (*left-of-center*) pulitika ay mapag-iba sa sukdulang kaliwa (*extreme left*) ng mga komunista (yamang ang pula ay kulay ng mga komunista, habang ang kulay rosas ay tila mas magaan/mas malamyang bersyon ng pula) (Mayer 2022). Gayunman, ani Marina Gold at Alessandro Zagato (2020), hindi maituturing na monolitiko ang mga pamahalaang ito. Halimbawa, may mas awtoritaryong tendensya raw ang mga kulay rosas na pamahalaan ng Venezuela, Bolivia, at Ecuador kaysa sa iba pang mga bansang nakapaloob sa *Pink Tide.* Pero may isang malinaw na pagkakapare-pareho ang mga pamahalaang ito: lahat sila ay reaksyon sa neoliberal na polisiya ng Washington Consensus at World Bank.

**Ang Kilusang Kulay Rosas sa Konteksto ng Pampanguluhang Halalan 2022**

Mula sa mga talakayan sa naunang seksyon sa itaas ukol sa pulitika ng kulay rosas sa labas ng Pilipinas, maibubuod na tatlong sektor ang pangunahing gumagamit ng kulay rosas: kababaihan (mga feminista at kababaihang may kanser sa suso), LGBTQ+, at mga sosyalista.

Nakapasok sa Pilipinas ang kulay rosas bilang simbolismo ng mga kababaihang may kanser sa suso. Halimbawa, ang City Savings Bank ng Aboitiz Group ay naglunsad ng tinatawag na "Project Pink" mula noong 2017, isang proyektong nagsasagawa ng taunang palihan (*seminar*) sa mga pampublikong guro upang magsulong ng kamalayan ukol sa kanser sa suso (Philstar 2017). Noong Oktubre 2018, nagdaos naman ang The Medical City (TMC) Clark sa Pampanga ng "Pink Walk", isang martsa na naglalayong magpakita ng pakikiisa sa mga lumalaban sa sakit na kanser sa suso (Gines 2018). Lantad rin ang simbolismo ng kulay rosas sa pangalan ng kauna-unahang *dragon boat team* sa Pilipinas na binubuo ng mga babaeng nakaligtas sa kanser sa suso: ang Cebu Pink Paddlers (Aguilar 2019).

Sa komunidad ng LGBTQ+ sa bansa, may mga yumakap din sa kulay rosas bilang kanilang kulay. Isa sa kauna-unahang pambaklang magasin na nailimbag sa Pilipinas ay ang buwanang magasin ng Generation Pink (GP). Naitatag noong 1992, ang UP Babaylan ang pinakamatandang LGBTQ+ na organisasyong pangmag-aaral sa Pilipinas. Ang tawag sa kanilang opisina sa Palma Hall ng Unibersidad ng Pilipinas ay "Pink Tambayan." Ayon sa ulat ng UNDP, ang terminong "pink" ay ginagamit sa Luzon (at Antipolo) bilang pantukoy sa mga bisekswal (kahanay ng mga bansag tulad ng paminta, hatsing, almires, silahis, bulalo, at iba pa) (United Nations Development Programme 2014, 18, 76, 79). Litaw rin ang simbolismo ng kulay rosas sa Pink Film Festival, na ayon kay J. Neil Garcia (1996, 424) ay nagsimulang lumaganap noong 1999. Aniya, sa ganitong mga okasyon, ipinapalabas sa mga sinehan ng *mall* sa Kalakhang Maynila ang mga lokal at internasyunal na pelikulang pangkasarian na nagsusulong ng kamulatan ukol sa mga bakla at tomboy.

Sa tatlong sektor, mukhang sa hanay ng mga sosyalista sa Pilipinas hindi matagumpay na nakapasok ang simbolismo ng kulay rosas. Nananatiling pula ang dominanteng kulay na iniuugnay sa mga aktibista sa bansa, nasaang lokasyon man sila sa malawak na ispektrum ng Kaliwa.

Samantala, kung sa hanay ng mga may kanser sa suso ay kusang loob na niyakap ang kulay rosas bilang kanilang simbolismo, hindi gaanong naging bukas ang isa pang sektor ng kababaihan sa Pilipinas sa kulay na ito: ang mga feminista. Bunga marahil ito ng banyagang impluwensya na nakapagdala sa Pilipinas ng persepsyon sa kulay rosas bilang tradisyunal na simbulo ng domestikadong babae. Halimbawa, sa halip na kulay

rosas, ang kulay na opisyal na ginagamit ng GABRIELA Women's Party ay lila (*purple*) (Legaspi 2022). Noong 1999, naglunsad ang GABRIELA ng "Purple Rose Campaign", isang kampanya na naglalayong mapalaganap sa kamalayan ng mga Pilipino ang samu't saring isyung nakapaloob sa *sex trafficking* ng mga kababaihan at bata (Tzvetkova 2002, 66). Makikita rin ang halaga ng lila sa mga feminista nang ilunsad ng Philippine Commission on Women (PCW) ang "Purple Fridays" noong Marso 2020, kung saan hinihimok nila ang mga kababaihan na magsuot ng kulay lilang damit kada Biyernes ng Marso para sa pagdiriwang ng National Women's Month (DepEd Tambayan 2020). Maging ang programang Violence Against Women and their Children (VAWC) sa Pilipinas ay kadalasan ding kinakatawan ng kulay lila.

Gayunman, ang konteksto ng paparating na pampanguluhang halalang 2022 ay lubos na nakapag-ambag tungo sa higit na pagtanggap sa kulay rosas bilang kulay, hindi lamang ng mga kababaihan, kundi ng isang mas malawak na kilusan. Samu't sari ang ibinabansag dito ng mga komentarista. May mga nagtataguri rito bilang "Pink Phenomenon" (Churma 2022), ang iba nama'y tinatawag itong "Pink Wave" (Salud 2022). Ngunit mas nais kong tagurian ito bilang "Kilusang Kulay Rosas" (*Pink Movement*). Umiinog ang kilusang ito sa kasalukuyang Bise Presidente ng bansa na si Maria Leonor "Leni" Gerona Robredo, ang nag-iisang babaeng kandidato sa pampanguluhang halalang 2022. Katunggali niya sa halalan ang mga personalidad tulad nina Senador Panfilo "Ping" Lacson, Senador Emmanuel "Manny" Pacquiao, dating Senador Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr., Manila Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso, at lider manggagawa na si Leodegario "Ka Leody" de Guzman. Mula noong 2016, si Leni ang itinuturing ng marami bilang pangunahing lider ng oposisyon laban sa administrasyong Duterte.

Maiuugat ang pagsisimula ng Kilusang Kulay Rosas sa pagdeklara ni Leni ng kanyang pagtakbo bilang pangulo sa pamamagitan ng paghahain ng *certificate of candidacy* noong Oktubre 7, 2021 (Esmael 2021). Habang ibinibigay niya ang anunsyo ng kanyang pagtakbo, napansin ng marami ang lasong kulay rosas na nakadikit sa kanyang dibdib. Kinabukasan, nang ideklara niya naman ang kanyang pagtakbo kasama si Senador Francis "Kiko" Pangilinan bilang kanyang bise presidente, nakasuot siya ng kulay rosas na damit (Lalu 2021a). Mula rito ay mabilis na lumaganap ang kulay rosas sa hanay ng kanyang mga tagasuporta. Nagsimula silang magsuot ng kulay rosas na damit at *face mask*. Pinaligiran ng ilang unibersidad ang kanilang mga gusali ng mga kulay rosas na ilaw. May mga bahay na nagsabit ng kulay rosas na parol. Mayroong namigay ng kulay rosas na pagkain tulad ng puto, empanada, itlog, pandesal, at pati na lugaw (Antonio 2021c). Sa *social media,* lumaganap ang *hashtag* na "kulay rosas ang bukas." Dahil dito, ang mga nasa loob ng Kilusang Kulay Rosas ay nakilala sa taguring "kakampink" (pinagsamang "kakampi" at "pink").

Sa isang panayam sa istasyong DYHP 612 RMN noong Nobyembre 13, ibinahagi ni Leni na hindi sa kanya nagmula ang ideya ng kulay rosas bilang opisyal na kulay ng kanyang kampanya, kundi mula sa mga boluntir. Aniya (Quismorio 2021):

> Actually, ang feng shui ko, blue. Pero iyong araw na maga-announce ako, naka-blue ako. Pati mga anak ko, naka-blue... Ang daming mga supporters na pumunta sa office, naka-pink. So kami iyong sumunod. Kami iyong nag-adjust. Parang iyong pink, naging symbol siya ng volunteers.

Bagaman hindi pinagplanuhan noong simula, ang pag-angkin ni Leni sa kulay rosas ay naging mabisang taktika para sa *rebranding* ng kanyang pulitikal na kulay. Matagal na panahong inihanay ng mga tagasuporta ni Duterte si Leni sa mga "dilawan" dahil tumakbo siya bilang bise presidente sa ilalim ng Liberal Party (partido ni Noynoy Aquino), at isa siya sa sa mga pangunahing kritiko ni Duterte (mabilis na bansagang dilawan ang sinumang bahagi ng oposisyon). Ang bansag bilang dilawan ang isa sa mabibigat na bagaheng pasan-pasan ni Leni sa kanyang kandidatura sa pampanguluhang halalang 2022, dahil sa mga negatibong konotasyong matagumpay na nailagak ni Duterte sa terminong "dilawan" (may konotasyong elitista, maka-Amerikano, at kapanalig ng mga oligarkong nagpapahirap sa taumbayan). Naging kapaki-pakinabang ang dilaw sa mga pulitiko sa mga nagdaang dekada, dahil ito ang kulay ng pakikibaka laban sa diktadura, at samakatuwid ay kulay ng demokrasya. Ito ang kulay na nagpapanalo kay Noynoy noong 2010, at nag-angat sa kanyang "Daang Matuwid" tungo sa Malakanyang. Gayunman, hindi na makatutulong ang kulay na ito sa kandidatura ni Leni dahil sa masamang imahe nito bunga ng mga propaganda ng rehimeng Duterte. Naipakita na ang katotohanang ito ng halalang 2019, kung saan walang nanalong "dilaw" na kandidato ng oposisyong Liberal Party sa pagkasenador.

Ang malay na pagdistansya ng sarili mula sa dilaw sa pamamagitan ng paglipat tungong kulay rosas ay lalo pang makikita sa pasya ni Leni na tumakbo bilang independiente, sa halip na tumakbo bilang kandidato ng Liberal Party. Ipinahayag ni Leni na ang kanyang pagtakbo bilang independiente ay (OneNews 2021):

> Our symbolic way of showing na bukas kami sa pakikipag-alyansa sa maraming mga partido, 'yung aming sinusulong na inclusivity, 'yung sinimulan namin na pakikipag-usap kahit hindi bahagi ng partido. 'Yung pagkandidato para sa pangulo ay hindi para sa partido pero para sa isang nagkakaisang lakas ng sambayanan.

Sa parehong sentido, ang pagpapalit tungong kulay rosas ay nakatulong sa ganitong adhikain ng inklusibismo. Sa pamamagitan nito, binuksan ni Leni ang kanyang sarili para sa suporta na magmumula sa iba't ibang pulitikal na kulay, hindi lamang ng dilaw. Gayunman, iginiit niyang hindi niya tuluyang ibinabasura ang kulay dilaw, ang kulay na kanyang pinagmulan. Aniya (Lalu 2021b):

> 'Yong yellow naging simbulo siya ng protest against the dictatorship... Ngayon iba na 'yong laban, 'yong nilalabanan natin ngayon is mas malaki na kesa sa laban pa dati. Ang nilalabanan natin ngayon, hindi lang 'yong pagbabalik ng anak ng diktador, pero ang nilalabanan natin ngayon masamang pamamahala na siyang 'yong nagiging sanhi ng problemang pinagdadaanan natin ngayon, 'yong bulok na klase ng pulitika.

Sa pamamagitan ng pahayag na ito, naidiin ni Leni na bagaman mahalaga ang papel na ginampanan ng dilaw bilang kulay ng demokrasya sa nakaraan, ang bagong laban sa kasalukuyan ay nangangailangan din ng bagong kulay. Istratehiko ang ginawa ni Leni ng magkasabay na pagpapahalaga sa dilaw at pagdistansya sa dilaw. Sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa dilaw, mapapanatili niya ang suporta sa kanya ng Liberal Party at iba pang grupong iniuugnay sa dilaw. Sa pamamagitan naman ng paglipat sa kulay rosas, nabuksan niya ang sarili para sa suporta na magmumula sa mga grupong may ibang kulay. Maigigiit na epektibo ito dahil nagbigay na kay Leni ng suporta ang maraming grupo na may ibang kulay tulad ng kaliwa at kulay pulang Makabayan bloc (Makabenta 2022). Samakatuwid, dalawa ang naging pangunahing kapakinabangan ng kulay rosas para kay Leni: 1. nakatakas siya mula sa masamang imahe ng dilaw, at 2. nakalikom siya ng suporta mula sa mga grupong labas sa dilaw (kasabay ng pananatili ng suporta sa kanya ng mga grupong dilaw).

Bukod sa dalawang ito, naging instrumento rin ang kulay rosas para mapagkaisa ni Leni ang oposisyon, maipon sa iisang sentro ang kolektibong pagkamuhi sa umiiral na sistema sa ilalim ng administrasyong Duterte. Kung paanong ang dilaw ang naging impukan ng galit ng taumbayan laban sa diktadurang Marcos, at si Duterte naman ang naging sentro ng pagkamuhi ng masa laban sa dilaw, ang kulay rosas naman ni Leni ang kumatawan sa naipong pagkadismaya ng mga Pilipino laban sa administrasyong Duterte.

Kaalinsabay nito ang malinaw na pagkatawan ng kulay rosas ni Leni sa pagkababae. Kung ang rehimeng Duterte ay kinakatawan ng isang marahas na tatay, ang Kilusang Kulay Rosas naman ni Leni ay kinakatawan ng isang mapagkalingang nanay. Ang pagkababae, partikular na ang pagiging nanay, ay isa sa malinaw na mensaheng isinasaloob ng Kilusang Kulay Rosas. Litaw na litaw ito sa mga sumisikat na linya sa hanay ng mga kakampink tulad ng "the last man standing is a woman." Sa isa sa mga debate na inorganisa ng COMELEC, ganito ang sinabi ni Leni (Antonio 2022c):

> True leaders show up, and man up. Kaya po sa darating na Mayo, the best man for the job is a woman.

Ayon sa dating dekano ng Ateneo School of Government na si Antonio La Viña, ang kulay rosas ay maaaring taktika ng pagkuha ng suporta ni Leni mula sa mga kababaihan at mga nanay, lalo pa dahil siya lang ang nag-iisang babaeng kandidato sa pagkapangulo. Sa katunayan, sa isang talumpati, tuwirang ginamit ni Leni ang imahe ng nanay na tumatakas mula sa karahasan ng lalaki upang maprotektahan ang kanyang anak, bilang metapora ng paghihirap ng mga Pilipino sa ilalim ng isang rehime na korap, salat sa husay, at walang awa (Enano 2021). Naging makapangyarihang imahe rin ang isang larawan mula sa debateng inorganisa ng COMELEC noong Marso 19, 2021, kung saan si Leni lamang ang nakasuot ng kulay rosas na damit sa katawan at takong sa paa, sa hanay ng mga lalakeng puro nakaitim na pantalon at sapatos (Cepeda 2022b).

Malinaw na nakuha ng mga tagasuporta ni Leni ang ganitong pangkasariang nilalaman ng kulay rosas at tumutulong din sila sa pagpapalaganap nito. Halimbawa, noong Marso 23, 2022, ilang mga sikat na babaeng artista (tulad nina Angel Locsin, Iza Calzado, Angelica Panganiban, Agot Isidro, Julia Barretto, at iba pa) ang naglabas ng bidyo na nagpapahayag ng suporta kay Leni. Ginamit nila ang *pink lipstick* bilang simbolismo ng kalayaan ng babae na magpakababae ano man ang sinasabi ng lipunan. Sa bandang dulo ng bidyo, nagdeklara sila ng "Babae tayo, at babae ang pangulong iboboto ko." Mayroon ding linyang ganito sa naturang bidyo: "Nanay siya, kaya naiintindihan niya kung paano magsakripisyo nang sobra-sobra" (Calzado 2022). Makikita rin ang pag-uugnay-ugnay kina Leni, kulay rosas, at pagkababae sa *animated video* na nilikha ni Arnold Arre (may-akda ng komiks na *The Mythology Class*). Sa bidyo na ito, si Leni ay mayroong hawak na bata na parang isang nanay (Arre 2021). Sa samu't saring miyural sa iba't ibang lugar sa bansa, mayroon ding representasyon kay Leni bilang nanay na mayroong hawak na bata.

Gayunman, bagaman malinaw ang mensahe ng pagkababae sa kulay rosas ni Leni, ang kinakatawan ng kulay na ito sa loob ng Kilusang Kulay Rosas ay lagpas pa sa usapin ng kasarian. Ito ay pinapatotohanan ng pagdumog ng maraming tao sa mga "pink caravan" at "pink rally" ni Leni mula nang magsimula ang opisyal na panahon ng kampanya noong Pebrero 8, 2022, galing man sila sa anong kasarian, rehiyon, gulang, uring panlipunan, at propesyon. Narito sa ibaba ang isang talahanayan na nagpapakita ng tinatayang bilang ng mga taong dumalo sa ilang "pink rally" ng Kilusang Kulay Rosas:

| TINATAYANG BILANG NG MGA LUMAHOK SA ILANG PINK RALLY | | | |
|---|---|---|---|
| **Pink Rally** | **Pinagdausan** | **Petsa** | **Tinatayang Bilang** |
| Pink Sunday | Quezon Memorial Circle, Quezon City | Pebrero 13, 2022 | 20,000 |
| Bulacan People's Rally | Malolos, Bulacan | Marso 5, 2022 | 45,000 |
| Paglaum: Negros Occidental People's Rally | Paglaum Sports Complex, Bacolod City, Negros Occidental | March 11, 2022 | 70,000 |
| Isabela People's Rally | Echague, Isabela | March 12, 2022 | 10,000 |
| Rayhak: Leni-Kiko People's Rally | University of Eastern Philippines, Northern Samar | March 28, 2022 | 73,000 |
| Pasiglaban | Emerald Avenue, Pasig | Marso 20, 2022 | 130,000 |
| Nueva Ecija People's Rally | Cabanatuan City, Nueva Ecija | March 22, 2022 | 50,000 |
| Dilaab: Bohol People's Rally | Tagbilaran City, Bohol | Abril 1, 2022 | 80,000 |
| Leniwanag sa Silangan: Leni-Kiko Rizal Grand People's Rally | Rizal Provincial Capitol grounds, Antipolo City, Rizal | Abril 5, 2022 | 43,000 |
| Davao People's Rally | Tagum City, Davao del Norte | Abril 7, 2022 | 35,000 |
| Talindeg Pangasinan People's Rally | Pangasinan | Abril 8, 2022 | 76,000 |
| Manalakaran | San Fernando, Pampanga | Abril 9, 2022 | 220,000 |

[Ang mga datos ay mula sa Antonio 2022a; Reyes-Estrope 2022; Gomez 2022; San Juan 2022; Marticio 2022; Cepeda 2022a; Subingsubing 2022; Udtohan 2022, Lalu 2022; Cepeda 2022c; Alimario 2022; Manahan 2022]

Bagaman malawak ang mga pagpapakahulugang iniuugnay sa kulay rosas sa loob ng Kilusang Kulay Rosas, sa aking palagay ay maibubuod ang mga pagpapakahulugang ito sa konsepto ng "maganda." Kailangang talakayin muna nang mabilisan ang konseptong ito para maipakita kung bakit ito ang maituturing na buod ng Kilusang Kulay Rosas.

Malalimang dinalumat nina Jose de Mesa et al. (2017) ang konsepto ng maganda sa kanilang aklat na *Ang Maganda sa Teolohiya.* Anila, taliwas sa banyagang konsepto ng *beautiful* na pangunahing nakatuon lamang sa aspektong panlabas, ang Pilipinong dalumat ng maganda ay kapwa may dimensyong panlabas (estetika) at panloob (etika). Sa wikang

Filipino, ang ganda/maganda ay kadalasang itinutumbas sa buti/mabuti. Halimbawa, ang *goodmorning* at *goodevening* ay isinasalin natin bilang magandang umaga at magandang gabi, sa halip na mabuting umaga at mabuting gabi. Ang magandang asal at magandang ugali ay kasingkahulugan lamang ng mabuting asal at mabuting ugali. Gayundin ang kaso ng kabutihang loob at kagandahang loob. Maging ang salin ng mga Pilipino sa *Gospel* ay nagpapakita ng tumbasan ng ganda/buti: Mabuting Balita o Magandang Balita. Samantala, ang kabaliktaran ng maganda na "pangit" ay ginagamit din bilang kategoryang moral: pangit ang ugali, pangit ang pagpapalaki, pangit makitungo. Sa ganang ito, kung paanong ang ganda ay itinutumbas sa buti, ang pangit naman ay itinutumbas sa masama.

Ang mga salitang itinutumbas natin sa maganda ay nagpapakita kapwa ng aspektong estetikal (panlabas) at etikal (panloob) nito: maayos, maaliwalas, kaayaaya, malinis, mabuti. Sa pagpapahalagang Pilipino, magkatambal ang kagandahang panloob at kagandahang panlabas. Ang tunay na kagandahang panloob ay kusang umaapaw papalabas. Walang tunay na kagandahang panloob na perpektong napapanatiling nakakubli. May mga konkretong ebidensya ito na naipapakita sa aspektong panlabas. Kung paanong ang tunay na kagandahang panloob ay umaapaw papalabas, ang tunay na kagandahang panlabas naman ay nagmumula sa loob. Kung ang ganda ay panlabas lamang at hindi nagbubukal mula sa loob, hindi ito tunay na ganda. Ang ganitong uri ng panlabas na kagandahan ay tinatawag ng mga Pilipino na "balatkayo", "nagpapasikat", o "pakitang-tao" lamang.

Sa aking palagay, ang dalumat ng maganda bilang tambalan ng aspektong etikal (panloob) at estetikal (panlabas) ang makapagbubuod sa mga pangunahing katangian ng Kilusang Kulay Rosas bilang isang masalimuot na kilusan. Sa hanay ng mga pangunahing katangian ng kilusang ito, dalawa ang pinakakapansin-pansin: ang bolunterismo at pagiging malikhain/masining. Parehong nasa kategorya ng kagandahang panlabas ang dalawang ito: bolunterismo bilang magagandang aksyon ng pagkukusa, at pagiging malikhain na makikita sa mga magagandang likhang sining. Nais kong igiit na ang dalawang halimbawang ito ng kagandahang panlabas ay nagbubukal sa kagandahang panloob, partikular sa mga magagandang halagahing naisaloob ng Kilusang Kulay Rosas bilang isang kilusan.

Isa sa mga halagahing nasa pinakasentro ng Kilusang Kulay Rosas ay ang pag-ibig. Ibang iba ito sa mga halagahing ikinakabit sa administrasyong Duterte: kamay na bakal, katapangan, kalakasan, karahasan. Sa mga tumatakbo sa pampanguluhang halalang 2022, kay Leni pinakainiuugnay ang pag-ibig, marahil ay dahil siya ang nag-iisang babae. Samantala, mas ikinakabit naman ang lakas/tatag ng *political will* sa mga kalaban niyang puro lalake. Siya lang ang nag-iisang kandidato na pinakagumamit sa pag-ibig bilang sentrong mensahe ng kanyang kampanya. Ito'y 'di kataka-taka dahil sa isang patriarkal na lipunan, ang pag-ibig ay kadalasang tinitingnan bilang kahinaan o kalamyaan. Gayunman, patuloy na inangkin ni Leni ang temang ito, na naging daan upang isaloob ito mismo ng

buong Kilusang Kulay Rosas. Sa pahayag ni Leni para sa kanyang mga tagasuporta noong Oktubre 21, 2021, mababakas ang pagpapakahulugan niya sa kulay rosas bilang simbulo ng pag-ibig (Antonio 2021a; Lalu 2021b):

> Mahaba pa ang lalakbayin natin. Kaya may panawagan ako sa inyo: Ipakita na ang pink, hindi lang basta kulay; uri siya ng pamumuhay. Hindi lang siya damit o ribbon; kulay siya ng pagkatao na bukas, nakikinig, nagmamahal. Tayong lahat ang nagdadala nito. Kailangan nating isalamin ang tunay na ibig sabihin ng pink habang suot natin ito. Gumawa ng mabuti, magpaabot ng tulong sa kapwa, maging mahinahon sa pagbabahagi ng ating mensahe. Tandaan: Madaling makipagtalo; mas radikal ang magmahal.

Dahil sa mga pahayag na ito, isa sa mga naging pangunahing *mantra* ng Kilusang Kulay Rosas ang "mas radikal ang magmahal." Ang kagandahang ito na nasa loob ng kilusan ang siyang bukal na nagdulot ng pag-apaw ng kagandahan papalabas, na ipinakita ng kilusan sa pamamagitan ng bolunterismo at pagiging malikhain/masining.

Sa tradisyunal na uri ng kampanya, ang mga makinarya ng pulitiko (tulad ng mga partido) ang lubos na gumagastos para sa mga botante. Sa ganitong uri ng kampanya, sa itaas nagmumula ang mga proyekto na naglalayong makalikom ng boto mula sa mga mamamayan. Maraming komentaristang nakapansin na hindi ganito ang kaso ng Kilusang Kulay Rosas. Ang kilusan ay markado ng agos na nagmumula mismo sa ibaba. Sa ganitong paraan inilarawan ni Cherry Piquero Ballescas (2022) ang bolunterismo na umiiral sa kilusan:

> Their brand of volunteerism and campaigning is now dubbed as People's campaign --multisectoral, gender/age/class friendly, with fisherfolks in Cebu, market vendors in Negros Occidental, farming communities, public utility vehicle (trisikad/ricycle/pedicab) drivers, sugar workers, mothers, celebrities, social media influencers, medical frontliners, and more among their widening world of local/global volunteers.

Samu't sari ang ginagawang kusang pagkilos ng mga "kakampink" nang walang natatanggap na bayad mula sa kandidato. Sa katunayan, sila pa nga mismo ang naglalabas ng salapi para mapatakbo ang kani-kanilang mga proyekto, na naglalayong makatulong sa pagpapalago ng boto ni Leni. Napakaraming maaaring sipiing halimbawa rito, kapwa mula sa hanay ng masa at mga propesyunal.

Ang mga magsasakang kasapi ng All4Leni-Negros at National Congress of Unions in the Sugar Industry in the Philippines (NACUSIP) ay nagbigay ng libreng gupit sa Negros, na pinakinabangan ng ilang matatanda, bata, at kababaihang residente ng Hacienda Oliva at Hacienda Cristona (Pilipino Star Ngayon 2021). Sa Pangasinan, naglunsad naman ang

Dagupan for Leni ng serbisyong tinawag nilang “Libreng Sakay Biyaheng Leni” (Antonio 2021b). Mayroon ding ilang kasapi ng masa na ginagamit mismo ang munting kabuhayan nila para makapag-ambag sa kampanya para kay Leni. Magandang halimbawa nito ang isang sorbetero na namataan sa Quezon City noong Oktubre 2021, na nagbebenta ng sorbetes gamit ang mga kulay rosas na *cup*. Liban dito, mayroon din siyang nakapaskil na “2022 Leni” sa mismong *cart* niya (Coconuts Manila 2021).

Sa hanay ng mga propesyunal, umusbong ang kaliwa’t kanang mga grupong sumusuporta kay Leni, tulad ng Doctors for Leni, Engineers for Leni, Architects for Leni, Artists for Leni, Lawyers for Leni, Historyador para kay Leni, at marami pang iba (Ramos 2022). Marami sa mga grupong ito ang nagsasagawa ng sari-sarili nilang proyekto na makatutulong sa kampanya ni Leni. Nariyan halimbawa ang “Anti-Bullying Special Task Force”, isang inisyatiba ng Lawyers for Leni (L4L) na naglalayong magbigay ng libreng legal na tulong para sa mga biktima ng *cyberbullying* (Joselle Dela Cruz 2021). Ang Doctors for Leni ay nagpasinaya ng isang *medical mission caravan* sa siyudad ng San Pedro noong Enero 23, 2022 (Pinkpedia w.t.).

Ang pamimigay ng mga libreng pagkain ay isa rin sa inatupag ng mga kakampink. Sa lahat ng mga ipinamimigay na pagkain, ang naging pinakatanyag ay ang lugaw. Nagsimulang maiugnay ang lugaw kay Leni noong panahon ng kanyang kampanya sa halalang 2016 sa pagka-bise presidente, kung saan isa sa kanyang mga inilunsad na proyekto ay *feeding program* sa pamamagitan ng pamimigay ng lugaw (Wenceslao 2021). Dito hinugot ng mga kritiko ang taguri nila sa kanya bilang “Leni lugaw.” Nangangahulugan ito na tulad ng lugaw na puro tubig at walang laman, wala ring laman ang isip ni Leni (kaugnay rin ito ng isa pang madalas na ipanglarawan kay Leni: lutang) (Doyo 2021). Ngunit sa halip na negatibong tumugon sa bansag na ito, niyakap niya ang taguring “Leni lugaw” sa pamamagitan ng patuloy na paggamit sa lugaw sa mga gawain ng pagpapakain sa masa. Halimbawa, nang pumutok ang bulkang Taal noong Enero 2020, isinagawa ng opisina ni Leni ang pamimigay ng lugaw bilang pamatid-gutom sa mga nasalanta sa Batangas (Antonio 2020). Kaya naman hindi nakapagtataka na sa serye ng mga kawanggawa ng mga kakampink sa konteksto ng halalang 2022, isa rin ang lugaw sa mga pangunahing pagkain na ipinamigay. Noong Nobyembre 20, 2021, inilunsad ng mga kakampink ang “LugawOne” o “National Lugaw Day”, kung saan nagsagawa ng malawakang pagpapakain ng lugaw sa iba’t ibang panig ng bansa tulad ng Ilocos Sur, Baguio, Pampanga, Iloilo, Cabanatuan, Capiz, Bacolod, Negros Occidental, Cebu, Samar, Leyte, at Davao (Rappler 2021).

Bukod sa lugaw, napakarami pang ibang pagkain na libreng ipinamimigay ng mga kakampink. Halimbawa, ang Cafe Ancha, na isang *coffee shop* sa Naga City, ay namahagi ng mga libreng kulay rosas na pandesal para sa mga kapwa kakampink (Angie Dela Cruz 2021). Kulay rosas na puto naman ang ipinamahagi ng ilang kakampink sa mga tindero/a ng limang piling palengke sa Zamboanga noong Nobyembre 17, 2021 (Carreon 2021). Sa Ilocos Norte, ang organisasyon namang Dapat si Leni ay namahagi ng mga libreng empanadang kulay rosas sa mga mamamayan (De Leon 2021). Sa bawat *people’s*

*campaign* ni Leni sa iba't ibang panig ng Pilipinas, laging mayroong mga organisasyon ng mga kakampink na namimigay ng libreng pagkain sa mga dumadalo. Ilan sa mga pagkain na namataang ipinamimigay ng mga boluntir sa mga *people's campaign* ni Leni ay ang mga sumusunod: lugaw, kwekwek, sisig, tosino, biskuwit, pandesal, suman, *sandwich, corndog, donut, cupcake, ice candy, ice scrumble, iced coffee,* palamig, *icecream,* at marami pang iba (BiteSized 2022).

Liban sa bolunterismo, isa pang kagandahang panlabas na manipestasyon ng kagandahang panloob na umiiral sa Kilusang Kulay Rosas ay ang pagiging malikhain/masining ng mga tagasuporta ni Leni. Samu't saring likhang sining ang ginamit na daluyan ng mga kakampink sa kanilang pagsuporta sa kampanya ni Leni. Nangunguna na rito ang pagkakalimbag ng pampanitikang akdang *100 Pink Poems para kay Leni* ng San Anselmo Press. Isa itong koleksyon ng 100 tula na isinulat ng 67 makata. Kinabibilangan ang mga makatang ito ng mga pambansang alagad ng sining tulad nina Virgilio Almario (panitikan), Gemino Abad (panitikan), Benedicto "Bencab" Cabrera (biswal na sining), Ramon Santos (musika), Ryan Cayabyab (musika), at Alice Reyes (sayaw). Inorganisa ng mga makata ang "Pusuan ang Sining at Kultura: State of the HeART" sa Miriam College noong Pebrero 14, 2022, upang ihandog ang antolohiya kay Leni bilang regalo sa okasyon ng Araw ng Pag-ibig. Sa ganang ito, sa kasaysayan ng halalan sa Pilipinas, si Leni ang kauna-unahang kandidato sa pagkapangulo na pinarangalan sa pamamagitan ng isang antolohiya ng mga tula (Yuson 2022; Politiko 2022; Antonio 2022b).

Ang magandang resepsyon sa *100 Pink Poems* ay nagtulak sa San Anselmo Press upang maglimbag ng isa pang antolohiya ng mga tula (at iba pang pampanitikang katha tulad ng mga maiikling kuwento). Pinamagatang *Lugaw ni Leni, Pink Parol, KKK, Kakampink, Atbp.,* pinatnugutan ito ni Virgilio Almario at Aldrin Pentero (2022). Ayon sa introduksyon ni Almario (2022, xvii), layon ng aklat na mag-ambag sa "paggising sa kamalayan ng sambayanang Filipino at upang magtagumpay at maganap ang adhika ng Himagsikang Rosas."

Bukod sa mga tula, isa pang uri ng panitikan na ginamit ng ilang malikhaing tagasuporta para sa kampanya ni Leni ay ang mga komiks. Isang halimbawa nito ang "Servant Leader, Leni Robredo", isang 15 pahinang komiks na isinulat ni Ed Garcia at isinalin sa Filipino ni Noel Del Prado (Garcia at Del Prado w.t.). Itinampok dito ang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Leni bilang isang lingkod-bayan, tulad ng pagkamatay ni Jesse Robredo, pagkapanalo niya bilang kongresista ng Camarines Sur laban kay Villafuerte, mga ipinanukalang batas bilang kongresista (*transparency in government, involving people in policy-making, anti-discrimination bill,* at iba pa), pagkapanalo sa pagiging bise-presidente, at mga proyekto't tagumpay bilang bise-presidente (pagtutol sa tokhang, *highest rating* sa COA, at mga inisyatiba sa harap ng pandemya). Ayon sa may-akda na si Garcia (2021), naisalin na ang komiks na ito sa iba pang mga wikang Pilipino tulad ng Cebuano, Ilokano, Pangasinense, Kapampangan, Bikolano, Hiligaynon, at Waray.

Sa larangan ng musika, maraming mahuhusay na musikero't mang-aawit ang lumikha ng magagandang kanta para sa kampanya ni Leni. Nariyan ang "Kay Leni Tayo" na nilikha ni Nica del Rosario (ang kompositor ng kantang "Tala" ni Sarah Geronimo). Si del Rosario rin ang lumikha ng kantang "Rosas", na inawit niya kasama si Gab Pangilinan (Arceo 2022). Isang magandang awitin din ang "Pag-ibig ang Kulay ng Pasko" na opisyal na inilabas sa publiko noong Disyembre 23, 2021, sa harap ng pananalanta ng bagyong Odette. Nakilahok sa pag-awit ng kantang ito ang mga kilalang mang-aawit at personalidad tulad nina Jolina Magdangal, Ogie Alcasid, JK Labajo, Agot Isidro, Saab Magalona-Bacarro, Bituin Escalante, Pinky Amador, Nikki Valdez, at iba pa (Antonio 2021e). Noon namang Abril 8, 2022, inilunsad ang awiting "Leni Laban", na kinanta ng mga *artist* tulad nina Moira dela Torre, Jolina Magdangal, Noel Cabangon, Ebe Dancel, Erik Santos, Yael Yuzon, Bullet Dumas, JK Labajo, Janine Berdin, at iba pa (ABS-CBN News 2022b). Nariyan din ang "Leni-Kiko Laban!" na likhang awit nina Agat at Agel Morallos (De Castro 2022). Si Agat at Agel (kasama sina Melvin at Charito Miguel) din ang kumatha ng kantang "Leni Robredo, Ating Pinuno" (Agat). Mayroon ding sumulat ng awiting rap sa hanay ng mga kakampink: "Radikal Rap Para Kay Leni" na inawit ni Mark Jasper Albarda Castro (Various Artists – Topic 2022). Bukod sa mga orihinal na likhang kanta, mayroon ding nag-organisa ng mga tugtugan bilang pagpapahayag ng suporta kay Leni. Isang halimbawa nito ang "Musikahan ATBP (Variety Show) Alay sa Bagong Pag-asa", isang *virtual concert* na pinasinayahan ng Tropang Canada at Deva Dental Clinic, na nilahukan ng mga batikang mang-aawit tulad ni Jim Paredes ng APO Hiking Society at ni Bituin Escalante, at iba pang *artists* mula sa Pilipinas, Canada, at Estados Unidos (Rodriguez 2022). Sa mga *people's campaign* ni Leni sa iba't ibang lugar sa bansa, napakarami ring lumalahok na *artists* at mga banda na ginagamit ang sari-sarili nilang kanta para tulungan ang kampanya ni Leni. Ilang halimbawa nito ay sina Nadine Lustre, Ely Buendia, Moira dela Torre, Ebe Dancel, Kuh Ledesma, Noel Cabangon, Autotelic, Moonstar88, Imago, Rivermaya, Ben&Ben, The Juans, Chicosci, The Company, Tropical Depression, Itchyworms, at marami pang iba (Singh 2022; Antonio 2022d).

Sa larangan ng sining biswal, isa ang pagpipinta sa ginamit ng ilang alagad ng sining upang ipakita ang suporta kay Leni. Upang makatulong sa paglikom ng pondo para sa kampanya ni Leni, ang direktor ng Center for Art, New Venture and Sustainable Development (CANVAS) na si Gigo Alampay ay naglunsad ng proyektong "Mas Radikal ang Magmahal." Isa itong *online exhibit* ng obra ng higit sa 100 pintor, gamit ang iba't ibang materyales (mayroong *oil on canvas, acrylics, watercolor, brass* at *steel, wood,* atbp.). Marami sa mga *exhibit* ay puno ng kulay rosas at bulaklak na rosas na simbulo. May mga *exhibit* na nagtatampok mismo sa imahe ni Leni tulad ng "Aling Lugaw" ni Dansoy Coquilla, "Ang Lumaban Nang May Puso at Tapang" ni Alelia Ariola, "Inang Frontliner" ni Imelda Cajipe-Endaya, at "Reluctant Visionary" ni Winner Jumalon (Ladrido 2022).

Naging lunsaran din ang dula sa patuloy na pagsisikap ng mga kakampink na makatulong sa pagpapadami ng boto kay Leni. Noong Abril 8, 2022, naglunsad ang

#TeatroForLeniKiko ng isang “tanghalan sa lansangan” sa Krus na Ligas, Quezon City. Ginamit nila sa dula ang klasikong kantang “Handog ng Pilipino sa Mundo” (na mahigpit na nakaugnay sa EDSA Uno), at pinalitan ang ilang liriko nito ng “handog ni Leni-Kiko sa mundo.” Pagkatapos ng bahaging ito ay sumayaw naman sila sa tugtog ng awiting “Kay Leni Tayo.” Ang dula ay inorganisa at nilahukan ng mga kilalang personalidad at mga propesyunal na artista sa teatro tulad nina Luisito Fernandez Pascua (naging tanyag bilang “Kuya Bodjie” ng Batibot), Celeste Legazpi, Ricci Chan, Audie Gemora, Annie Quintos-Uy, Pinky Marquez-Cancio, Mitch Valdez, at iba pa (Padilla 2022).

Maging sa anyo ng laruan ay naipadaloy ang masining na pagsuporta ng mga kakampink kay Leni. Sa pangunguna ng Cubao Customs, nailunsad ang paglikha ng *action figure* ni Leni, na humugot ng inspirasyon mula sa suot niya sa pampanguluhang debate na inorganisa ng CNN (mula sa ayos ng buhok at pilik-mata, hanggang sa kulay rosas na damit at takong). Sa isang panayam sa ABS-CBN News (2022a), ipinaliwanag ng Cubao Customs ang kanilang desisyon sa paglikha ng ganitong laruan na batay sa imahe ni Leni:

> For the past 6 years, we were amazed by what she has accomplished as vice president and we believe that she is the best candidate for president in the coming 2022 elections. She checks all our boxes and her integrity, strength, and dedication to her job speaks highly of her passion for public service. Some choose to make posters, artworks, songs, or poems. Pero kami, we chose to make a customized vinyl toy for her and post it across our platforms to help boost her campaign.

Sa katunayan, mayroon pa ngang lumikha ng isang *mobile game* bilang kanyang paraan ng pagsuporta kay Leni. Noong Abril 9, 2022, inilunsad ni J. Law Cordova ang “Let Leni Lead”, isang *hypercasual runner mobile game* (Google Play 2022). Alinsunod sa alituntunin ng laro, kailangan lamang kontrolin ang tumatakbong karakter ni Leni at kumolekta ng mga puso. Bawat pusong makukuha niya ay nakukumbert sa bilang ng mga taong sumusunod sa kanya pagdating sa *finish line.* Bawat lebel ng laro ay kumakatawan sa iba’t ibang lugar ng kampanya ni Leni, halimbawa, Naga para sa lebel 1, Pasig sa lebel 2, Bohol sa lebel 3, Davao sa lebel 4, Samar sa lebel 5, Cebu sa lebel 6, Surigao sa lebel 7, atbp. Bawat lebel ay mayroong bilang ng mga puso na kailangang mapuno bago makalagpas tungo sa susunod na lebel (halimbawa, 3950 na puso ang kinakailangang maipon upang matapos ng manlalaro ang lebel 7 o Surigao). Ang *background music* na ginamit sa laro ay ang kantang “Kay Leni Tayo.” Sa pagtatapos ng bawat laro ay laging mayroong impormasyon ukol kay Leni na ibinibigay sa *loading screen* tulad ng mga sumusunod:

> Alam mo ba? Nakagraduate si Leni Robredo ng Bachelor of Laws sa University of Nueva Caceres noong 1992. Nakapasa siya sa Philippine Bar noong 1997.

Alam mo ba? Pinarangalang “Honorary Outstanding Woman Award of the Year” ng Thailand’s National Council of Women si VP Leni Robredo noong 2016.

Alam mo ba? Mahigit 3,776 na bilang ng bahay ang nakabitan ng kuryente sa tulong ng Angat Buhay Program ni VP Leni Robredo.

Alam mo ba? Nagsagawa ng swab cab initiative si VP Leni Robredo. Nakapagbigay ito ng Libreng Testing para sa COVID-19.

Alam mo ba? Mahigit 64.7 million pesos na halaga ng PPE ang naipamahagi ng Office of the Vice President sa pagtugon sa COVID.

Lahat ng ito ay nagpapakita ng organikong ugnayan sa pagitan ng pag-ibig, na pinakapuso ng kagandahang panloob ng Kilusang Kulay Rosas, at ng bolunterismo at pagkamalikhain, na mga manipestasyon naman ng kagandahang panlabas ng kilusang pinasimulan ni Leni.[2]

**Post-script: Ang Kilusang Kulay Rosas Matapos ang Mayo 2022**

Sinulat ang sanaysay sa itaas noong kasagsagan ng kampanya para sa pampanguluhang halalang 2022. Noong panahong iyon, sa gitna ng mga agam-agam, punong puno ng pag-asa ang mga kakampink na maipanalo si Leni Robredo. Lumaganap ang optimismo dahil sa kasaysayang elektoral ng bansa, unang beses na nasaksihan ang malawakang mobilisasyon ng *civil society organizations,* pagdagsa ng napakaraming tao sa mga *pink rally*, at pag-eendorso ng mga unibersidad at iba’t ibang sektor kay Leni. Gayunman, tumambad sa mga kakampink ang pagkatalo ni Leni. Ayon sa pinal na resulta na inaprubahan ng Congress of the Philippines (2022) noong Mayo 24, 2022, nakakuha

2 Sinadyang hindi isama sa talakayang ito ng mga likhang sining ng Kilusang Kulay Rosas ang mga miyural na nalikha noong panahon ng kampanya ni Leni. Ito’y sapagkat nang isulat ng may-akda ang artikulong ito, nilalayon sana itong maging kalahati lamang ng isang buong pag-aaral kasama ni Axle Christien Tugano. Sa orihinal na balangkas ng planong pag-aaral, sa may-akda naitakda ang pagsulat ukol sa kalikasan ng Kilusang Kulay Rosas, habang kay Tugano naman ang ukol sa mga miyural, partikular na yaong mga matatagpuan sa lungsod ng Marikina. Ang mga unang bunga ng planong pag-aaral na ito ay ibinahagi sa isang *webinar* na inorganisa ng Kapisanan ng mga Mananaliksik sa Kasaysayan ng Marikina (KAMAKASAMA) at Historyador para kay Leni noong Mayo 2, 2022. Tinalakay ko ang aking bahagi na may pamagat na “Rosas: Kulay at Kilusan,” at ibinahagi naman ni Tugano ang “Representasyon ni Leni Robredo sa mga Miyural ng Marikina.” Gayunman, napagpasyahan kalaunan na isulat na ang mga ito sa dalawang magkahiwalay na artikulo.

lamang si Leni ng kabuuang 15,035,773, habang ang nanalong katunggali na si Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr. ay nagkamit ng 31,629,783 na boto.

Sa harap ng pagkatalo ni Leni, may mga komentaryo na inihain ang iba’t ibang komentarista ukol sa kung bakit nabigo ang Kilusang Kulay Rosas. Sa mga komentaryong ito ukol sa naturang pagkabigo, elitismo ang isa sa pinakamadalas na punahin sa Kilusang Kulay Rosas. Sa katunayan, kapwa ito pinapansin ng mga kritiko man o ng mga kapanalig ng kilusan. Sa isang artikulo sa *The Manila Times,* ipinahayag ni Van Ybiernas (2022b), isang historyador na tagasuporta ni Duterte, na maraming mga botante ang lalong lumayo ang loob kay Leni dahil sa ilang tinawag niyang “*hardcore Robredo supporters.*” May kagawian umano ang mga ito na tawaging “bobotante” (pinagsamang “bobo” at “botante”) ang mga mamamayan. Lagi umanong pinagdidiinan ng mga ito ang pagiging biktima ng bayan ng misimpormasyon at disimpormasyon, na tila walang kakayahan ang mga ito na mag-isip para sa kanilang sarili. Dahil sa pagiging masyadong palaban ng ilang kakampink, pati ang mga “*soft Marcos voters*” na may tsansa sanang mahamig ay lalong tumindi ang pag-ayaw kay Leni. Ganito rin ang paniniwala ng isa mismong kakampink na si Ivee (2022), na pinuna ang ilang elitistang litanya ng mga kapwa kakampink sa *social media,* tulad ng pagsasabi ng “hindi kami binayaran, lunch ko palang hindi na nila afford,” sabay paskil ng larawan habang nasa isang mamahaling kainan o *coffee shop.* Labag umano ito sa mismong tema ng kilusan na “radikal na pagmamahal.” Dagdag naman ni Ybiernas, malaking pagkakamali ito, sapagkat sa eleksyon, isa sa pinakaunang dapat gawin ay ligawan ang mga botante, hindi insultuhin.

Bagaman may punto si Ybiernas na hindi dapat tingnan ang mga botante bilang mga taong walang sariling kakayahan na mag-isip, hindi mapasusubalian na isa ring salik ang malaganap na misimpormasyon/disimpormasyon sa pagkatalo ni Leni. Ika nga ni John Paul Punzalan (2022), hindi sobrang nakakabigla ang pagkatalo ni Leni dahil sa napakababang *rating* niya sa taumbayan, na dulot ng misimpormasyon, matinding paninira, at sexismo. Dagdag pa niya, si Leni ang pinakadinedemonisa na opisyal ng pamahalaan noong panahong iyon. Ang ganitong pahayag ay suportado ng isang pag-aaral na inilunsad ng Tsek.ph, sa pangunguna ng propesor ng dyornalismo sa Unibersidad ng Pilipinas na si Yvonne Chua. Sa kanilang pag-aaral, lumitaw na si Leni ang numero unong biktima ng disimpormasyon sa pampanguluhang halalang 2022, habang si Bongbong naman ang pangunahing nakinabang sa mga pekeng balita (Rubio 2022). Kung tutuusin, hindi lang naman ito totoo sa kaso ng halalang 2022, dahil sa buong anim na taon ng administrasyong Duterte ay si Leni ang pangunahing puntirya ng pekeng balita.

Nagkaroon din ng suliranin sa pag-aadbertisa kay Leni. May mga pumansin halimbawa na medyo may pagka-abstrakto ang “kulay rosas ang bukas.” Hindi kaagad naiintindihan ng taumbayan ang mensaheng ito sa unang dinig. Mas konkreto ‘di hamak umano ang “*unity*” ng “Uniteam” nina Bongbong at Sara Duterte. Mas payak bilang konsepto ang pagkakaisa kaysa kulay rosas na bukas, kaya naman mas madali itong naintindihan ng taumbayan.

Maging ang "gobyernong tapat, angat buhay lahat" ay nakita rin ng ilan bilang problematiko. Ayon sa kilalang *political consultant* na si Greg Garcia, nakasama sa kampo ni Leni ang labis na pagbatikos kay Duterte (sipi sa Ybiernas 2022a). Malinaw ang oposisyunistang atake ng "gobyernong tapat, angat buhay lahat." May implisito itong mensahe na kailangan ng gobyernong tapat, dahil ang kasalukuyang gobyerno (administrasyong Duterte) ay hindi tapat, na dahilan kung bakit hindi umaangat ang buhay ng lahat. Kailangang tanggapin ng oposisyon ang resulta ng mga sarbey: nanatiling mataas ang *rating* ni Duterte hanggang sa pagtatapos ng kanyang termino. Anuman ang dahilan ng mataas na *rating* ni Duterte (tingnan halimbawa ang isang panukalang paliwanag ukol sa pananatili ng mataas na *rating* na ito sa Sebastian at Santos 2017), nakasama sa kampanya ni Leni ang matinding oposisyunistang imahe. Yamang popular sa bayan si Duterte, ang oposisyunistang imahe ni Leni ay nagdulot ng galit ng maraming botante sa lider ng Kilusang Kulay Rosas. Kabaliktaran umano rito ang masasaksihan kay Bongbong: ang pag-aadbertisa sa kanya bilang kandidatong magpapatuloy sa pinasimulan ni Duterte ay nakatulong upang umani siya ng mas maraming boto.

Bukod sa mga ito, mababanggit din halimbawa ang iba pang maaaring salik na nakapag-ambag sa pagkabigo ng kandidatura ni Leni, tulad ng maiksing panahon ng mobilisasyon, kakulangan sa makinarya, suliranin sa edukasyon sa pagboto, at iba pa.

Ano pa man sa mga nabanggit ang tunay na dahilan, naging malaking dagok sa kilusan ang resulta ng halalang 2022. Totoo ito lalo sa hanay ng mga kabataang *millennial* at *gen z.* Marami sa kanila ang unang napulitisa sa panahon ng rehimeng Duterte, sa gitna ng kaliwa't kanang gera kontra droga, militarisasyon ng mga unibersidad, korapsyon, pagpapabaya sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas, mabagal na tugon sa pandemya, at iba pa. Para sa maraming *millennial* at *gen z,* Mayo 2022 ang una nilang karanasan sa pulitikal na mobilisasyon, at ito rin ang unang pagkakataon na nangampanya sila para sa isang kandidato sa pagkapangulo. Kaya naman, ito rin ang maituturing na una nilang karanasan sa reyalidad ng sistemang elektoral sa bansa, unang dagok sa idealismo ng kanilang pagkamamamayan. Sa harap ng pagkabigong ito, maraming kakampink, partikular sa hanay ng mga kabataan ang nagpahayag ng kawalan ng pag-asa sa sitwasyon ng pulitikang Pilipino, at hindi iilan ang nagbiro na ang tangi nalang magagawa ay takasan ang reyalidad sa pamamagitan ng pangingibang-bayan.

Ngunit sa gitna ng malaganap na pesimismong ito (na dulot ng naunang nasobrahang optimismo), may mga pagtatangka sa loob ng kilusan na panatilihin ang pag-iral nito. Noong Mayo 13, 2022, naglunsad ang tambalang Leni-Kiko ng pagtitipon sa Ateneo de Manila University upang pasalamatan ang mga sumuporta sa kanila sa kampanya. Sa naturang pagtitipon, nagbigay ng talumpati si Leni kung saan ipinahayag niya ang mga sumusunod (Rappler 2022a):

> Habang lumilinaw ang litrato, kailangan din nating simulang tanggapin na hindi ayon sa mga pangarap natin ang resulta ng eleksyong ito. Sa ganitong paraan, masisimulan na rin natin na itutok ang sarili sa hinaharap… Karugtong nito ang paninindigan, hinding hindi dapat pumanaw ang diwa ng ating kampanya… Kaya inaanunsyo ko ngayon ang target natin. Sa unang araw ng Hulyo, ilulunsad natin ang Angat Buhay NGO.

Tulad ng ipinangako niya, opisyal na inilunsad ang Angat Buhay NGO sa tanggapan nito sa Katipunan Avenue, Lungsod ng Quezon noong Hulyo 1, 2022. Si Leni ang tumayong Chairperson ng Board of Trustees ng Angat Buhay NGO, at hinati ito sa iba't ibang sangay tulad ng *community engagement, public education, disaster relief and rehabilitation,* at *food security, nutrition, and universal healthcare* (Angat Buhay 2022). Nito namang Agosto 4, pormal na binuksan sa publiko ng Angat Buhay NGO ang Museo ng Pag-asa. Isa itong museo kung saan inilagak ang samu't saring likhang sining na ginawa ng mga kakampink sa panahon ng kampanya (Madarang 2022). Ang ganitong preserbasyon ng alaala sa karanasan ng Kilusang Kulay Rosas sa nakaraang kampanya sa pamamagitan ng museo ay isang epektibong paraan upang mapanatili ang kairalan ng kilusan sa hinaharap.

Ang pagpapaliyab sa ningas ng apoy ng kilusang kulay rosas na pinasimulan ng Angat Buhay NGO ay sinundan ng iba pang mga grupo at indibiduwal. Halimbawa, naglunsad ang San Anselmo Press ng "Santelmo," isang magasin na naglalayon na maglimbag ng mga akdang pampanitikan ng mga kakampink. Ayon sa paglalarawan ng San Anselmo Publications Inc. (2022):

> SANTELMO can become the unofficial Pink Movement literary organ — with the objective of building on the revival of the interest in the arts triggered by VP Leni.

Mayo 14 naglabas ng panawagan ang San Anselmo para sa lahat ng interesadong maging kontribyutor ng Santelmo. Pagsapit ng Hunyo ay opisyal na nilang inilimbag ang unang bolyum nito (Del Prado et al 2022). Binubuo ito ng 152 pahinang mga sanaysay, tula, at maiikling kuwento na isinulat ng 63 kontribyutor. Ilan sa mga kontribyutor nito ay sina Gemino Abad, Virgilio Almario, Vim Nadera, at Ed Garcia. Noong Setyembre 28 naman ay inilunsad ng San Anselmo sa Museo ng Pag-asa ang ikalawang isyu ng Santelmo, na may temang "*Deception, Disinformation, and the Big Lie.*" Ang pabalat nito ay dinisenyo ni Ryan Cayabyab, at kinapapalooban ito ng pagsasalin ng mga banyagang tula tungo sa Filipino at Bisaya, na isinalin nina Almario, Kenneth Cinco, Merlie Alunan, Marne Kilates, Gene Alcantara, at iba pa (Rappler 2022b)

Si Sha Nacino naman, isang *motivational speaker,* ay nagmobilisa ng mga manunulat upang magbahagi ng kanilang karanasan sa Kilusang Kulay Rosas. Nagbunga ito ng pagkakalimbag ng dalawang aklat. Ang unang lumitaw ay ang *Kulay Rosas ang Bukas: Inspiring and Life-Changing Stories from Pink Rallies* (Nacino 2022a), na binubuo ng 53 kabanata na isinulat ng 62 kontribyutor. Sinundan ito ng *Mas Radikal ang Magmahal: Powerful Stories of Love, Hope, and Bayanihan Ignited by the Leni-Kiko People's Campaign* (Nacino 2022b), na inilimbag naman sa layuning maipasa ang alaala ng kilusang kulay rosas sa susunod na henerasyon ng mga Pilipino.

Isa sa mga kontribyutor ng unang bolyum ng Santelmo na nagngangalang Boboy Yonzon (2022), ang naglimbag naman ng *Leni Robredo Cultural Revolution*. Isa itong *coffee table book* na naglalaman ng mga larawan at sulatin ukol sa mga likhang sining na naiprodyus ng Kilusang Kulay Rosas sa panahon ng kampanya (tulad ng mga miyural, dibuho, disenyo ng mga damit, komiks, tula, sanaysay, kanta, at marami pang iba).

Bilang isang bagong silang na kilusan na nagsimulang ipagdalang-tao sa panahon ng masalimuot na kampanya, bukas ito sa napakaraming posibilidad sa hinaharap. Sa isang banda, maaaring bigla na lamang itong pumanaw kasabay ng patuloy na paghina ng oposisyon sa gitna ng pinagsama-samang puwersa ng mga ahente ng tradisyunal na pulitika. Bagaman madalas na namamatay ang mga kulay matapos ang eleksyon dahil tapos na nitong maisagawa ang pangunahing layunin nito (i.e. makonsolida ang mga tagasuporta ng isang kandidato), maaari rin naman na ang kulay rosas ay magbagong-anyo, mula sa pagiging kulay ng suporta sa kandidatura ni Leni tungo sa kulay ng kritisismo na magsisilbing tagapagbantay sa mga polisiyang ipinatutupad ng bagong administrasyon. O tulad ng isinesenyales ng Angat Buhay NGO, maaaring maging munting puwersa ito na patuloy na magbibigay-inspirasyon sa iba't ibang sektor ng lipunang sibil, tungo sa isang mas maginhawa at mas makatarungang lipunan, isang lipunang may kulay rosas na bukas.

## SANGGUNIAN

ABS-CBN News. 2022a. "Pink Dress, Heels: Leni Robredo Gets Custom Toy Figure." Marso 29. Websayt ng *ABS-CBN News*. https://bit.ly/3ruhRCX. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

ABS-CBN News. 2022b. "Moira, Jolina, Kyla among 16 Artists in MV of New 'Leni Laban' Anthem." Abril 8. Websayt ng *ABS-CBN News*. https://bit.ly/3McTd1B. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Agat. 2021. “Leni Robredo, Ating Pinuno Lyrics - Official Performance Video.” Nobyembre 15. *Youtube channel* ni Agat. https://bit.ly/3xv6kqE. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Aguilar, Krissy. 2019. “Cebu Pink Paddlers: Outdoing Breast Cancer with Every Dragon Boat Race.” Mayo 28. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3DRSQX9. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Alimario, Anjo. 2022. “76,000 Supporters Take Stand in Pangasinan for Leni-Kiko.” Abril 9. Websayt ng *CNN Philippines*. https://bit.ly/37uVyFY. Sinangguni noong Abril 10, 2022.

Alma. 2021. “How Pink Became the Color for Women.” Pebrero 24. Websayt ng *Lessons from History*. https://bit.ly/3NMHzMc. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Almario, Virgilio S. 2022. “Introduksiyon sa Panahon ng Kakampink.” Nasa *Lugaw ni Leni, Pink Parol, KKK, Kakampink, Atbp.*, mga pat. Virgilio S. Almario, Aldrin Pentero, x-xviii. San Anselmo Press.

Almario, Virgilio S. at Aldrin Pentero. Mga pat. 2022. *Lugaw ni Leni, Pink Parol, KKK, Kakampink, Atbp.* San Anselmo Press.

Angat Buhay. 2022. Facebook post ng Angat Buhay, Hulyo 1, 2022, 20:11. https://bit.ly/3bRtz5P. Sinangguni noong Agosto 13, 2022.

Antonio, Raymund. 2020. “#LeniLugaw: Leni Pokes Fun at Bashers, Serves Lugaw, Pandesal, at Batangas Relief Operation.” Enero 22. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3vifcx3. Sinangguni noong Abril 15, 2022.

Antonio, Raymund. 2021b. “‘Pink not just a Color, It’s a Way of Life’–Robredo.” Oktubre 21. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3xcDpYl. Sinangguni noong Abril 10, 2022.

Antonio, Raymund. 2021c. “Robredo Supporters Get Creative with ‘Kakampink Challenge’ Responses.” Nobyembre 3. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3jpIjZP. Sinangguni noong Abril 11, 2022.

Antonio, Raymund. 2021d. “Robredo Supporters Offer ‘Pink’ Food: From Empanada to Lugaw in Feeding Programs.” Nobyembre 21. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3v076ZL. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Antonio, Raymund. 2022e. "'Pag-ibig ang Kulay ng Pasko': VP Leni Promises 'Progress for All' in Christmas Music Video." Disyembre 23. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3M93rjr. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Antonio, Raymund. 2022a. "Robredo Overwhelmed' by Huge Crowd at 'Pink Sunday' Rally in QC." Pebrero 13. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3iDapk8. Sinangguni noong Marso 26, 2022.

Antonio, Raymund. 2022b. "PH National Artists Endorse Robredo for President." Pebrero 14. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3uMCvA9. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Antonio, Raymund. 2022c. "Robredo: 'The Best Man for the Job is a Woman.'" Marso 19. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3DNjro6. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

Antonio, Raymund. 2022d. "From People's Campaign, Supporters Rock in Caloocan Concert for Robredo." Marso 26. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3jLrusG. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Arceo, Therese. 2022. "Sarah Spotted Kasama ang Composer ng 'Rosas', 'Kay Leni Tayo', Netizens Na-Curious: Kakampink ba Siya?" Marso 17. Websayt ng *Bandera*. https://bit.ly/3rtJonQ. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Arre, Arnold. 2021. "Ipaglaban ang Minamahal Animated Video 1080 24p." Disyembre 26. Paskil sa *Youtube account* ni Arnold Arre. https://bit.ly/37m5hhK. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

Ballescas, Cherry Piquero. 2022. "Volunteerism and People's Campaign for Leni/Kiko+8." Pebrero 19. Websayt ng *Philstar*. https://bit.ly/3xhjOGh. Sinangguni noong Abril 11, 2022.

Bassig, Pioee B., Derick M. Gabrillo, at George D. Kho. 2020. "A Tale of Two Wars." Abril 24. Websayt ng *The Guidon*. https://bit.ly/36OSuo8. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Beachain, Donnacha O at Abel Polese. 2010. "Introduction: What's in a Colour?" Nasa *The Colour Revolutions in the Former Soviet Republics: Successes and Failures,* mga pat. Donnacha O Beachain, Abel Polese, 1-12. New York: Routledge.

Bhattacharjee, Puja. 2018. "The Complicated Gender History of Pink." Enero 12. Websayt ng *CNN*. https://cnn.it/3DOgYtX. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

BiteSized. 2022. “Leni-Kiko Supporters Gave These Free Food Items Campaign.” Abril 10. Websayt ng *BiteSized*. https://bit.ly/3JKYHic. Sinangguni noong Abril 15, 2022.

Blegvad, Kaye. 2019. *The Pink Book: An Illustrated Celebration of the Color; from Bubblegum to Battleships*. San Francisco: Chronicle Books.

Broomfield, Matt. 2017. “Women’s March Against Donald Trump is the Largest Day of Protests in US History, Say Political Scientists.” Enero 23. Websayt ng *Independent.* https://bit.ly/3KhAqkQ. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Butuyan, Joel Ruiz. 2016. “’Dutertards’ versus ‘Yellowtards.’” Setyembre 12. Websayt ng *Inquirer.Net.* https://bit.ly/3NJjyG8. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Calzado, Iza. 2022. Marso 23, 18:29. Paskil sa *Facebook account* ni Iza Calzado, https://bit.ly/3r7HhWS. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

Carreon, Frencie. 2021. “Robredo Supporters Hand Pink Puto to Market Vendors in Zamboanga City.” Nobyembre 18. Websayt ng *Mindanews*. https://bit.ly/3jHcXOz. Sinangguni noong Abril 15, 2022.

Cepeda, Mara. 2022a. “In Pasig, Hearts Pound and the Ground Rumbles for Robredo’s Promise of New Hope.” Marso 21. Websayt ng *Rappler*. https://bit.ly/3NzTWLR. Sinangguni noong Marso 26, 2022.

Cepeda, Mara. 2022b. “At Comelec Debate, Robredo Flexes Why ‘Best Man for the Job is a Woman.’” Marso 20. Websayt ng *Rappler*. https://bit.ly/375I3fU. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

Cepeda, Maria. 2022c. “‘Gumising na’: 35,000 Dare Show up for Robredo in Davao del Norte.” Abril 8. Websayt ng *Rappler*. https://bit.ly/3upRyzu. Sinangguni noong Abril 10, 2022.

Churma, Rose. 2022. “The Philippines’ Pink Phenomenon—the Leni Robredo Story.” Abril 2. Websayt ng *Filipino Chronicle*. https://bit.ly/3jbq7TC. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Coconuts Manila. 2021. “‘Sorbetes’ for Leni: This Photo of an Ice Cream Cart with All-Pink Cups is Making the Rounds.” Oktubre 26. Websayt ng *Coconuts Manila*. https://bit.ly/3OfRdas. Sinangguni noong Abril 15, 2022.

Colcol, Erwin. 2022. “Politics of Color: How Red, Pink, Yellow Unite and Divide.” Pebrero 23. Websayt ng *Reportr*. https://bit.ly/3iSvSWb. Sinangguni noong Abril 1, 2022.

Congress of the Philippines. 2022. Resolution of Both Houses No. 1. Resolution of Both Houses Approving the Report of the Joint Committee, Declaring the Results of the National Elections Held on May 9, 2022 for the Offices of President and Vice-President, and Proclaiming the Duly Elected President and Vice-President of the Republic of the Philippines. Websayt ng *Senate of the Philippines*. https://bit.ly/3zAMvyz. Sinangguni noong Nobyembre 2, 2022.

Dancel, Raul. 2014. "The Ever-Changing Hues of Philippine Politics." Enero 13. Websayt ng *The Straits Times*. https://bit.ly/3DtxFdV. Sinangguni noong Abril 1, 2022.

De Beauvoir, Simone. 2015. *The Second Sex,* Vintage Feminism Short Edition. London: Vintage Publishing.

De Castro, Marc Ceazar. 2022. "Leni-Kiko Laban! (Agat&Morfam)." Pebrero 11. *Youtube channel* ni Marc Ceazar De Castro. https://bit.ly/3EhSwB8. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Dela Cruz, Angie. 2021. "'KakamPINK Wednesday' Nagsagawa ng Kani-kanilang Aktibidad sa Mahihirap." Nobyembre 4. Websayt ng *Philstar*. https://bit.ly/3LVeOvb. Sinangguni noong Abril 11, 2022.

Dela Cruz, Joselle. 2021. "'Lawyers for Leni' to Give Free Legal Assistance to Victims of Cyberbullying." Nobyembre 11. Websayt ng *NYK*. https://bit.ly/3NXv14S. Sinangguni noong Abril 11, 2022.

De Leon, Richard. 2021. "Mga Tagasuporta ni VP Leni, Namahagi ng 'Pink Empanada' sa Ilocos Sur." Nobyembre 22. Websayt ng *Balita*. https://bit.ly/37RCmlU. Sinangguni noong Abril 15, 2022.

Del Prado, Noel Romero, Joel Pablo Salud, Che Sarigumba, Emmanuel Quintos Velasco, at Krip Yuson. Mga pat. *Santelmo: Liwanag sa Dilim*. Issue No. 1: Essays, Poems, Stories, & Artworks on Faith, Hope, and Rebirth (June 30, 2022).

Del Rosario, Laura Q. 2021. "The 2022 Elections' Primary Colors." Oktubre 10. Websayt ng *Miriam College*. https://bit.ly/3qUR9TA. Sinangguni noong Abril 1, 2022.

De Mesa, Jose M, Estela P. Padilla, Levy L. Lanaria, Rebecca C. Cacho, Yuri D. Cipriano, George N. Capaque, at Timoteo D. Gener. 2017. *Ang Maganda sa Teolohiya*. Quezon City: Claretian Communications Foundation.

DepEd Tambayan. 2020. “Purple Fridays: Teachers to Wear Purple on All Fridays of March.” Marso 3. Websayt ng *DepEd Tambayan*. https://bit.ly/372jIHT. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Doyo, Ma. Ceres. 2021. “The ‘Lugaw’ Imperative.” Nobyembre 25. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3OeEkgN. Sinangguni noong Abril 15, 2022.

Elan, Priya. 2014. “Think Pink: How the Colour is Being Reclaimed.” Setyembre 10. Websayt ng *Guardian*. https://bit.ly/3x0UZP4. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Elan, Priya. 2020. “Pink Emerges as 2020’s Colour of Political Protest.” Oktubre 21, 2020. Websayt ng *Guardian*. https://bit.ly/3LCbm8x. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Enano, Jhesset O. 2021. “Social Media Tickled Pink by Robredo’s Decision.” Oktubre 8. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3qTpbrq. Sinangguni noong Abril 1, 2022.

Esmael, Lisbet. 2022. “Over 130 Filipino Economists, Including Ex-NEDA Chiefs, Back Robredo’s Presidential Bid.” Pebrero 11. Websayt ng *CNN Philippines*. https://bit.ly/3NklNPQ. Sinangguni noong Marso 26, 2022.

Fernandez, Sandy M. w.t. “Pretty in Pink.” Websayt ng *Breast Cancer Action*.. Sinangguni noong https://bit.ly/3K91a7k.  Abril 4, 2022.

Filipovic, Jill. 2017. “Our President Has Always Degraded Women — And We’ve Always Let Him.” Disyembre 5. Websayt ng *Time*. https://bit.ly/3LzZaFt. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Ganley, Michelle. 2021. “The Story Behind the Breast Cancer Pink Ribbon.” Oktubre 7. Websayt ng *KSAT.com*. https://bit.ly/3LHe1xE. Sinangguni noong Abril 4, 2022.

Garcia, Ed. 2021. “Rethinking ‘Komiks’ in the Run-Up to 2022.” Agosto 24. Websayt ng *Rappler*. https://bit.ly/3xwBLAQ. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Garcia, Ed at Noel Del Prado. w.t. *Servant Leader, Leni Robredo.*

Garcia, J. Neil. 1996. *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Garfield, Leanna at Mella Robinson. 2017. “Thousands of Women Wore Pink ‘Pussy Hats’ the Day After Trump’s Inauguration.” Enero 22. Websayt ng *Insider*. https://bit.ly/38edDIE. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Gines, Erika Mariel. 2018. “Walk as One Against Breast Cancer.” Setyembre 28. Websayt ng *SunStar*. https://bit.ly/3LNwKaT. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Gold, Marina at Alessandro Zagato. 2020. “Introduction. The Pink Tide: Egalitarianism and the Corporate State in Latin America.” Nasa *After the Pink Tide: Corporate State Formation and New Egalitarianisms in Latin America,* mga pat. Marina Gold at Alessandro Zagato, 1-21. New York: Berghahn.

Goldstone, Jack A. 2014. *Revolutions: A Very Short Introduction.* New York: Oxford University Press.

Gomez, Carla. 2022. “Negros Occidental Awash with Pink during Leni Robredo’s Visit.” Marso 12. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3xaPldd. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

Gonzalez, Eduardo T. 2003. “People Power in the Philippines: Between Democratic Passions and the Rule of Law.” *Asian Studies* 39, no. 1-2: 149-163.

Google Play. 2022. “Let Leni Lead.” Abril 9. Websayt ng *Google Play*. https://bit.ly/3xyJluT. Sinangguni noong Abril 17, 2022.

Grussing, Charlotte. 2019. “The Politics of Pink.” *A Space for Dialogue* 96.

Haller, Karen. w.t. “Why Women Need to Reclaim Their Relationship with Pink.” Websayt ng *Karen Haller*. https://bit.ly/3uQkgZn. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Ivee. 2022. “What Happened to/in the Pink Movement?” Oktubre 7. Websayt ng *Women Writing Women*. https://bit.ly/3fpqCLw. Sinangguni noong Nobyembre 2, 2022.

Kipfer, Stefan. 2019. “What Colour is Your Vest? Reflections on the Yellow Vest Movement in France.” *Studies in Political Economy* 100, no. 3: 209-231.

Ladrido, R.C. “’Mas Radikal ang Magmahal’—Intentionality in an Art Exhibit.” Pebrero 24. Websayt ng *Vera Files*. https://bit.ly/3KUJIDS. Sinangguni noong Abril 17, 2022.

Lalu, Gabriel Pabico. 2021a. “‘Dilawan’ No More? Robredo Turns to Pink — the Color of Protest, Activism.” Oktubre 8, 2021. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3ueen9p. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Lalu, Gabriel Pabico. 2021b. “Robredo to Supporters: Be Calm, Gentle and Do Good Deeds.” Oktubre 21. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3urcxSF. Sinangguni noong Abril 10, 2022.

Lalu, Gabriel Pabico. 2022. “Robredo Offers ‘Government that’s Always Available’ during ‘Leniwanag sa Silangan’ Rally in Rizal.” Abril 6. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/35MlrR0. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

Lane, David. 2009. “‘Coloured Revolution’ as a Political Phenomenon.’” *Journal of Communist Studies and Transition Politics* 25, no. 2-3: 113-135.

Lawley, Holly. 2018. “Think Pink, Think Feminism.” Nobyembre 20. Websayt ng *The Stray*. https://bit.ly/3DCW9l6. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Legaspi, John. 2022. “Wearing Purple this Month has More Power.” Marso 8. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3uR4i0Y. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Litonjua, M.D. 2005. “The 1986 Yellow Revolution of the Philippines: Why Not Red?” *International Review of Modern Sociology* 31, no. 2 (Autumn): 179-206.

Madarang, Catalina Ricci S. 2022. “Look: Leni Robredo Gives Glimpse of Museo ng Pag-asa.” Agosto 5, 2022. Websayt ng *Interaksyon*. https://bit.ly/3QEDFWl. Sinangguni noong Agosto 13, 2022.

Makabenta, Yen. 2022. “Red, Yellow and Pink — Some Kind of Rainbow Coalition, Philippine Style.” Pebrero 1. Websayt ng *The Manila Times*. https://bit.ly/38xfN6t. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Malasig, Jeline. 2018. “Can You Paint with All the Colors of Politics?” Mayo 16. Websayt ng *Interaksyon*. https://bit.ly/3K2WkIw. Sinangguni noong Abril 1, 2022.

Manahan, Jervis. 2022. “Record-High 220,000 Attend Leni-Kiko Rally in Pampanga, PNP Says.” Abril 10, 2022. Websayt ng *ABS-CBN News*. https://bit.ly/3raekcL. Sinangguni noong Abril 10, 2022.

Marticio, Marie Tonette. 2022. “N. Samar Rolls out Red Carpet for Leni.” Marso 29. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3r7JMZa. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

Mayer, Anna. 2022. “The Politics of Pink: A Brief History of Pink.” Pebrero 6. Websayt ng *Cherwell*. https://bit.ly/374UhVT. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Michael, Maleigha. 2018. “Sexism in Colors – Why is Pink for Girls and Blue for Boys?” Hunyo 25. Websayt ng *UMKC*. https://bit.ly/3uLjLzM. Sinangguni noong Abril 3, 2022.

Mitchell, Lincoln A. 2012. *The Color Revolutions.* Philadelphia: University of Pennsylvania Press.

Nacino, Sha. Pat. 2022a. *Kulay Rosas ang Bukas: Inspiring and Life-Changing Stories from Pink Rallies.* Write Conversations Publishing and Consultancy.

Nacino, Sha. Pat. 2022b. *Mas Radikal ang Magmahal: Powerful Stories of Love, Hope, and Bayanihan Ignited by the Leni-Kiko People's Campaign.* Write Conversations Publishing and Consultancy.

OneNews. 2021. "Leni Says Pink New Global Symbol of Protest, Activism." Oktubre 8. Websayt ng *OneNews*. https://bit.ly/3v1L5tx. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Padilla, Margaret. 2022. "Mga Pinoy Theater Artists, Nag Collab sa Isang Street Flashmob Campaign para kay VP Robredo." Abril 9. Websayt ng *Rapid News PH*. https://bit.ly/3KOzbtV. Sinangguni noong Abril 17, 2022.

Palatino, Mong. 2022. "Introducing the Colors of the Philippine Election." Marso 21. Websayt ng *Diplomat*. https://bit.ly/35trt91. Sinangguni noong Abril 1, 2022.

Paxton, Pamela at Melanie M. Hughes. 2014. *Women, Politics, and Power: A Global Perspective.* Los Angeles: Sage.

Philstar. 2017. "CitySavings' Project Pink: Breast Cancer Awareness for Teachers." Mayo 1. Websayt ng *Philstar*. https://bit.ly/3r2h6AE. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Pilipino Star Ngayon. 2021. "Robredo Volunteers, Sugar Workers Naghandog ng Libreng Gupit sa Negros." Disyembre 14. Websayt ng *Philstar*. https://bit.ly/3v5oL2p. Sinangguni noong Abril 11, 2022.

Pinkpedia. w.t. "Mga Kaganapan sa Medical Mission Caravan sa San Pedro." Websayt ng *Pinkpedia.org*. https://bit.ly/3veOWnw. Sinangguni noong Abril 11, 2022.

Politiko. 2022. "Robredo Honored by '100 Pink Poems Para Kay Leni': 'Never in My Wildest Dream.'" Pebrero 20. Websayt ng *Politiko*. https://bit.ly/36jeRlr. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Punzalan, John Paul. 2022. "A Year Later, the 'Pink Movement' Needs to Move on Without Leni." Oktubre 12. Websayt ng *Rappler*. https://bit.ly/3zAHrdx. Sinangguni noong Nobyembre 2, 2022.

Quismorio, Elison. 2021. "'Kami Nag-adjust': VP Leni Says Her Feng Shui Chose the Color Blue, Not Pink." Nobyembre 13. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3ugaroF. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

Ramos, Marlon. 2022. "Leni Hopes to Tap 'Power of Volunteerism' for Presidential Bid." Pebrero 19. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3ur0NPR. Sinangguni noong Abril 11, 2022.

Rappler. 2021. "In Photos: 'Kakampinks' Set Up Nationwide 'LugawOne." Nobyembre 20. Websayt ng *Rappler*. https://bit.ly/3jH487y. Sinangguni noong Abril 15, 2022.

Rappler. 2022a. "Leni Robredo and Kiko Pangilinan Hold Thanksgiving Event in Quezon City." Mayo 13. *Youtube channel* ng Rappler. https://bit.ly/3bVD18s. Sinangguni noong Agosto 13, 2022.

Rappler. 2022b. "Santelmo Magazine to Unveil Latest Issue at Museo ng Pag-Asa." Setyembre 27. Websayt ng *Rappler*. https://bit.ly/3EdJmau. Sinangguni noong Nobyembre 8, 2022.

Reisinezhad, Arash. 2015. "The Iranian Green Movement: Fragmented Collective Action and Fragile Collective Identity." *Iranian Studies* 48, no. 2: 193-222.

Reyes-Estrope, Carmela. 2022. "Big Bulacan Crowd Surprises Organizers of Leni-Kiko Sortie." Marso 7. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3LK35Q6. Sinangguni noong Abril 10, 2022.

Rodriguez, Charmaine Janis. 2022. "Tropang Canada to Host 'Musikahan' Variety Sow for Leni-Kiko Tandem." Marso 31. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/37TT4kC. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Rubio, Pola. 2022. "Robredo Biggest Fake News Victim: Fact-Check Group." Pebrero 3. Websayt ng *Tsek.ph*. https://bit.ly/3DPADeu. Sinangguni noong Nobyembre 2, 2022.

Salud, Joel Pablo. 2022. "No Mountain High Enough: Witnessing the Pink Wave." Marso 14. Websayt ng Rappler. https://bit.ly/3jaNRYg. Sinangguni noong Abril 6, 2022.

San Anselmo Publications Inc. 2022. *Facebook post* ng San Anselmo Publications Inc., Mayo 4, 2022, 15:44. https://bit.ly/3zR4eRr. Sinangguni noong Agosto 13, 2022.

San Juan, Alexandria Dennise. 2022. "Crack in 'Solid North'? 10,000 Crowd Stands for Team Leni-Kiko in Cagayan, Isabela." Marso 12. Websayt ng *Manila Bulletin*. https://bit.ly/3LPTUxl. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

Sebastian, Raul Roland at Mark Joseph P. Santos. 2017. "Ang Retorika ng Rehimeng Duterte at ang Kulturang Pilipino: Isang Kasong Pag-aaral sa Pagbabanggaan ng Burukrasya at Kultura." *Historical Bulletin* 51: 50-92.

Singh, Surej. 2022. "Watch Ben&Ben, The Itchyworms and More Perform at Leni Robredo's Election Campaign Rally." Marso 21. Websayt ng *NME*. https://bit.ly/3uKYK9r. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Stykow, Petra. 2022. "Making Sense of a Surprise: Perspectives on the 2020 'Belarusian Revolution.'" *Nationalities Papers* 1-20.

Subing-subing, Krixia. 2022. "50,000 show up for Robredo in Cabanatuan City." Marso 24, 2022. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3631jdK. Sinangguni noong Abril 10, 2022.

Tzvetkova, Marina. 2022. "NGO Responses to Trafficking in Women." *Gender and Development* 10, no. 1, *Trafficking and Slavery* (Marso): 60-68.

Udtohan, Leo. 2022. "80,000 Join Robredo's Bohol Rally." Abril 2. Websayt ng *Inquirer.Net*. https://bit.ly/3jh8PVj. Sinangguni noong Abril 7, 2022.

United Nations Development Programme. 2014. *Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report.* Bangkok.

Various Artists – Topic. 2022. "Radikal Rap Para Kay Leni." Marso 8. *Youtube channel* ng Various Artists – Topic. https://bit.ly/3JGWRPu. Sinangguni noong Abril 16, 2022.

Wenceslao, Bong. 2021. "Wenceslao: Leni Lugaw." Abril 3. Websayt ng *Sunstar*. https://bit.ly/3xv3Jgw. Sinangguni noong Abril 15, 2022.

Ybiernas, Van. 2022. "The Kakampink Train Wreck of 2022." Mayo 20. Websayt ng *The Manila Times*. https://bit.ly/3DSKjF2. Sinangguni noong Nobyembre 2, 2022.

Ybiernas, Van. 2022b. "The Kakampink Train Wreck of 2022, Last of 2 Parts." Mayo 27. Websayt ng *The Manila Times*. https://bit.ly/3sS1Bf6. Sinangguni noong Nobyembre 2, 2022.

Yonzon, Boboy. 2022. *Leni Robredo Cultural Revolution*. Tagaytay City: The Onyx Owl.

Yuson, Alfred A. 2022. "And Now We Have Pink Poetry!" Pebrero 7. Websayt ng *Philstar*. https://bit.ly/3JMsO92. Sinangguni noong Abril 6, 2022.